



GUILTY

A FILIPINO NOVEL BY

ISSA N. UYCOCO-BACSA

Isang aksidente:	drunk driving
Isang namatay:	si Kaye, anak ng mayor
Isang kaso:	reckless imprudence resulting to homicide
Isang nagkasala:	si Paolo, black sheep ng pamilya
Isang hatol:	guilty beyond reasonable doubt
Isang problema:	may post-retrograde amnesia si Paolo
Isang abugado:	si Atty. Rita Madrilejos, gagawin ang lahat mapatunayan lamang na inosente si Paolo upang manalo sa kasong ito.

Ito ay kathang isip lamang. Ang mga tauhan, lugar, at pangyayari ay nanggaling sa imahinasyon ng may-akda. Anumang pagkakahawig nito sa totoong tao, nabubuhay man o hindi, ay pawang nagkataon lamang.

Guilty

Copyright © 2016 ni Marissa U. Bacsa

Pabalat ay idinesenyo ni Marissa U. Bacsa

ISBN:

Lahat ng kaukulang karapatan ay nakalaan. Walang anumang bahagi ng akdang ito ang maaaring gayahin, isalin, ipamahagi, o muling ilathala o gamitin sa ibang paraan na walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda. Kung maaari lamang ay huwag sumali o manghikayat ng pagnanakaw ng mga kagamitang copyrighted na lalabag sa karapatan ng may-akda.

Ang e-book na ito ay para sa inyong personal na kasiyahan lamang. Hindi hinihikayat ang muling pagbebenta o pamimigay nito. Kung nais ninyong ipamahagi ang e-book na ito, mangyaring mag-download ng panibagong kopya mula sa [website](#). Salamat sa inyong pagsasaalang-alang sa pinagpaguran ng may-akda.

PROLOGUE

GUMUHIT ANG KIDLAT sa maulap na kalangitan.

“Vvrrrrnnngg!” ang mahinang sagot ng kulog.

Nagtipon naman ang mga ulap sa utos ng malakas na hangin. Nagbuklod at nagsanib sila ng puwersa. Lalong bumigat ang mga ulap at dumilim ang kalangitan.

Sumunod sa pagpito ng hangin ang hampas ng mga dahon sa mga nakalinyang puno. Pahilis naman ang pagbagsak ng patak ng ulan.

Patay ang ilaw sa mga poste ng Meralco. Tanging ilaw ng mga sasakyan lamang ang nagsilbing liwanag sa daan. Subalit lumiko ang mga sasakyang ito sa kanto bago makarating sa kinaroroonan ng isang nakataob na kotse.

Isang itim na Honda Civic ang nakahambalang sa daan, yupi ang kaliwang bahagi at basag ang mga salamin nito. Sa sobrang pagkakabunggo ng

kotse, bali ang isang road sign na nagsasabing, “Drive Carefully. Accident-Prone Area.”

Sa tabi ng kotse ay nakahimpil ang isang ambulansiya. Ang ilaw nito ang nagsilbing liwanag din at ang sirena nito ay ingay sa kalaliman ng dilim.

Matiwasay na nailabas ng mga miyembro ng paramedics team ang dalawang pasahero mula sa nakataob na Civic --- isang lalaki at isang babae. Parehong malubhang sugatan at walang malay. Dinala sila ng ambulansiya sa pinakamalapit na ospital.

Pinamahalaan ng mga pulis ang daloy ng trapiko. Pinag-detour nila ang mga sasakyan habang nagsasagawa ng imbestigasyon ang PNP Traffic Management Group. Kinapanayam ng mga imbestigador ang iilang saksi sa naganap na aksidente habang ang ibang mga pulis ay abala sa pagkalap ng mga ebidensiya.

May ilang reporters at photographers na naroon din upang mangalap ng impormasyon. Isang TV reporter ang pumuwesto malapit sa pinangyarihan ng aksidente. Sinenyasan niya ang kasamang cameraman na handa na siya.

Kahit umaambon, inihanda ng cameraman ang kanyang ilaw at camera. Nang matapos ito, nagwika siya:

“Okay, ready... one, two, three, take one!”

“Isa na naming vehicular accident ang naganap dito sa kahabaan ng Gilmore Avenue sa Quezon City. Ito ang pangatlong aksidente na naganap dito sa loob lamang ng dalawang linggo,” ani ng reporter. “Sugatan at walang malay na dinala sa St. Luke’s Medical Center ang anak ni Mayor Alfredo Del Mundo na si Kaye at ang boyfriend niyang si Paolo Morales...”

CHAPTER 1

DUMILAT ANG MGA MATA ni Paolo. Ikinurap niya ang mga mata sa liwanag, nanibago sa lugar.

Nakapalibot ng sterile gauze bandage ang kanyang ulo. May mga pasa at galos sa kanyang mukha. Naka-cast ang kanyang kaliwang braso na naka-sling sa kanyang balikat.

Matangkad si Paolo Morales, payat at humpak ang mga pisngi. Kung hindi nga lang niya napabayaan ang sarili, guwapo siya sa kanyang mestizo at mala-artistang mukha. Kung pagmamasdan, masasabing nasa beinte anyos na siya. Pero ang totoo, magdi-diyes y otso anyos pa lang ang binata.

“Nasaan ako?” ang unang namutawi sa kanyang bibig.

“Federico, gising na siya,” narinig niyang wika ni Mildred, ang kanyang ina.

Nakita ni Paolo ang kanyang ina na nakaupo sa kanyang tabi. Matabain si Mildred, maputi,

mestiza, simple lang ang kagandahan at halatang domesticated.

Agad na lumapit si Mildred sa kanyang ulunan, hinaplos ang kanyang ulo at hinalikan pa ang kanyang noo.

“How are you, anak?” magiliw na tanong ni Mildred. “How do you feel?”

“Mama, nasaan ako?” tanong ni Paolo.

“Narito ka sa ospital. Dalawang araw kang walang malay.”

“Ano po ang nangyari?”

“Huwag mong sabihin na ‘di mo alam ang nangyari?” narinig ni Paolo na sinabi ni Federico, ang kanyang ama. “Naaksidente kayong dalawa ng girlfriend mo. Si Kaye, nasa ICU pa rin, 50-50. Kasalanan mo, lasing ka na nagmamaneho!”

Tinitigan ni Paolo ang kanyang ama.

Kuwarenta y otso anyos na si Federico.

Matangkad ito, matipuno ang pangangatawan, at maputi rin naman. Nakuha ni Paolo sa kanyang ama ang mga pisikal na katangian.

Pinagmasdan ni Paolo si Federico sa paglalakad paroo’t parito, hindi mapakali. Bakas sa mukha nito ang galit. Bumaon sa isipan ni Paolo ang sinabi ng ama.

“Si Kaye, naaksidente?” tanong ni Paolo.

“Bakit, anak, wala kang naaalala?” tanong ni Mildred.

Blangko ang mga titig ni Paolo. Hindi siya kumibo.

“May amnesia yata ang anak natin,” narinig niyang sinabi ni Mildred kay Federico.

“Ewan ko, Mildred. Hindi ko na alam ang iisipin ko,” ani Federico. “Baka gawa-gawa lang niya ‘yan. Alam mo naman na panay problema na lang dulot ng batang ‘yan sa atin!”

Ipinikit ni Paolo ang kanyang mga mata upang alalahanin ang sinasabi nilang aksidente. Bumalik

agad sa kanyang alaala ang birthday party ng kanyang kabarkada. Kasama niya si Kaye, nag-iinuman.

Naputol ang kanyang alaala nang biglang kumirot ang sugat sa kanyang noo. Idinilat niya ang kanyang mga mata at nakita niya ang kanyang kaliwang braso na naka-cast. Ngunit wala siyang matandaang aksidente.

Si Kaye, nasa ICU, nag-aagaw buhay. Kasalanan niya ito. Kung may mangyaring masama kay Kaye, siya ang mananagot. Subalit masaya silang dalawa noong party kahit malakas ang ulan. Pero ano ang nangyari pagkatapos noon?

“Wala akong maalala, Mama,” sabi ni Paolo.

Nagsimula nang tumulo ang kanyang mga luha.

“Ma, gusto kong makita si Kaye.”

Hinawakan niya sa kanyang kanang kamay ang kamay ni Mildred. Umiiyak na siya. Naramdaman niya ang kamay ng kanyang ina sa kanyang pisngi, pinahid ang mga luha.

“Tahan na,” ani Mildred.

Tumigil lang sa pagluha si Paolo nang may kumatok sa pintuan. Nakita niya na may pumasok na tatlong doctor.

“Good morning po,” bati ng pinakamatandang doctor. “Gising na pala ang pasyente.”

Lumapit ang doctor kay Paolo. Mataba ito at nakasalamin ang singkit nitong mga mata. Mukhang mestizong Hapon.

“Good morning, Dr. Okano,” narinig ni Paolo na bati ni Federico.

“Ano’ng oras siya nagising?” tanong ni Dr. Okano.

“Kagigising lang po niya, doctor,” sagot ni Mildred. “Doktor, may amnesia yata si Paolo.”

“Mr. Morales, misis, mawalang galang na po,” wika ni Dr. Okano. “Hayaan ninyo po kaming

kausapin at eksaminin si Paolo. Kung maaari po sana ay sa labas na muna po kayo maghintay.”

Pinisil muli ni Paolo ang kamay ni Mildred.

“You’ll be alright,” ani Mildred nang halikan niya ang noo ni Paolo.

Naunang lumabas ng silid si Federico. Sumunod naman si Mildred. Narinig ni Paolo ang mahinang pagsara ng pintuan.

CHAPTER 2

MAKALIPAS NG MAHIGIT KALAHATING ORAS, nakita ni Mildred na lumabas ang tatlong doctor sa silid ni Paolo. Agad siyang lumapit kay Dr. Okano.

“Doktor, kumusta na po ang lagay ng anak ko?” tanong niya.

“May post-retrograde amnesia si Paolo, misis,” wika ng doctor. “Naalala lang niya ang party na dinaluhan nila ni Kaye, pero hindi ang aksidente. Sa trauma na inabot niya sa aksidente, posibleng magka-amnesia siya ng ganyan.”

“Doktor, hindi kaya gawa-gawa niya lang ‘yan?” narinig ni Mildred na itinanong ng kanyang asawa.

“Federico naman,” ani niya. “Nagdududa ka pa rin ba?”

“I will refer this case to our psychiatrist for further evaluation kung gusto ninyo, Mr. Morales,” sagot ni Dr. Okano.

“E, doctor, maibabalik pa ba ang kanyang memorya?” tanong ni Mildred.

“Opo, misis, pero it will take some time.”

“Tungkol naman po sa blood alcohol level niya, Doc, kumusta naman po?” tanong ni Federico.

“Kinunan siya ng dugo upon admission,” paliwanag ng doctor. “Ayon sa resulta, above normal ang alcohol level niya.”

Malungkot ang mukha ni Mildred nang marinig niya ito.

“Nang kausapin ko kanina si Paolo,” patuloy ng doctor. “Inamin naman niya na nakainom daw siya ng maraming beer. Pero hindi naman daw siya lasing at kaya naman daw niyang magmaneho.”

Biglang napamura si Federico at pinalo nito ang dingding.

Lumapit si Mildred at hinagod niya ang likod ng asawa.

“Nakita mo na, Mildred?” ani Federico.

“Talagang walang ginawang maganda ‘yang anak mo!”

Hindi kumibo si Mildred. Hindi na niya inalis ang kamay sa likod ni Federico. Patuloy siya sa paghagod. Hindi niya napigilan ang lumuha dahil pakiramdam niya ay sinisisi siya ni Federico sa kalagayan ng anak.

Nang pinahid ni Mildred ang kanyang mga luha, napatingin siya sa pasilyo. Nakita niya na may parating na dalawang lalaki. Pamilyar sa kanya ang isa rito at sa hitsura pa lamang niya ay halatang aristokrata ang lalaking ito.

“Hello, Dr. Okano,” bati ng lalaki at kinamayan ang doctor. “Good morning, Mr. Morales. Kumusta si Paolo?”

Nakipagkamayan si Federico sa lalaki.

“Magandang umaga po, Mayor,” ani Federico.

Mataba si Mayor Alfredo Del Mundo. Sa pakiwari ni Mildred, nasa singkuwenta anyos

mahigit na ang alkalde. Nagsimulang lumabas ang mga puti sa halatang pinatinahang buhok. Matagal na kilalang pulitiko si Mayor Del Mundo mula sa angkan ng mga pulitiko noong panahon ng mga Kastila. Nakapag-asawa pa ng isang taga-*alta sociedad*.

“Kagigising lang po ni Paolo, Mayor,” sabi ni Mildred. “Si Kaye po, kumusta naman?”

Natigilan ang alkalde. Makalipas ng ilang saglit ay nagwika siya.

“I’m afraid to tell you this. Baka makasuhan ang inyong anak ng reckless imprudence.”

“Aba, bakit naman po? Aksidente po ang nangyari,” tanong ni Mildred.

“Misis, patay na si Kaye.”

CHAPTER 3

“NAKAUSAP KO si Mayor Del Mundo. He wants us to represent him sa kaso ng kanyang anak,” wika ni Atty. Rodolfo Dizon sa kanyang dalawang kasama sa Resurreccion, Caruso, Dizon, and Associates, isang kilalang law firm sa Makati.

Sisenta anyos na si Atty. Dizon at naging kilalang pulitiko noong nakaraang administrasyon.

“Pero sino sa atin ang hahawak nito?” tanong ni Atty. Rosauro Resurreccion.

Si Resurreccion ang pinakamatanda sa kanilang tatlo. Isa rin siyang batikang abugado ng mga aktibista noong panahon ni Marcos at naging Justice Secretary pa noon.

“Pañero, I’m thinking of Atty. Rita Madrilejos to work with me,” ani Dizon. “She’s the best prosecutor I could think of.”

“Pero, pañero, Atty. Madrilejos has this kind of...” sabi naman ni Atty. Longino Caruso, ang pinakabata sa kanilang tatlo. “...reputation. Baka masira lang tayo kay Mayor.”

“I agree,” sabi ni Atty. Resurreccion. “Baka mag-away pa sila ni Mayor kapag nagsimula na itong magtaray.”

“But her temperamental attitude doesn’t affect her performance in court,” ani Dizon. “Kilala ko si Rita, magaling siya.”

“Why not give this case to Atty. Joseph Chua?” mungkahi ni Resurreccion.

“Hindi gaanong kalakasan si Chua,” ani Dizon. “We need someone who could nail down this drunk driver hands and feet on the corss. Do you get what I mean?”

Tumango ang dalawang abugado.

“We have a very sensational case in our hands,” patuloy ni Dizon. “The Mayor is confident na mananalò tayo. Nasa kanya ang simpatya ng mga tao.”

“Which will help him win this coming elections...” dugtong pa ni Atty. Caruso.

CHAPTER 4

BUMUKAS ANG PINTUAN ng elevator at lumabas si Atty. Rita Madrilejos.

“Good morning, ma’am,” bati ng receptionist ng RCD & Associates.

Ngunit hindi ito pinansin ni Rita. Agad siyang dumiretso sa kanang pasilyo patungo sa kanyang opisina.

Sexy si Rita sa suot niyang pulang long-sleeved blouse at mini skirt. V-neckline ang kanyang blouse na hanggang sa gitna ng dibdib. Ang kanyang palda naman ay isang dangkal ang taas mula sa kanyang tuhod. Hindi marinig ang lagatak ng kanyang pulang high-heeled na sapatos sa kapal ng carpet. Kaya hindi namalayan ng kanyang sekretarya ang kanyang pagdating.

“Any calls for me, Cherry?” tanong ni Rita sa kanyang sekretarya habang papasok sa kanyang opisina.

Nagulat si Cherry sa pagdating ng kanyang boss. Bigla itong napatayo at tarantang idinampot ang notepad at ballpen. Sinundan niya si Rita sa loob ng kanyang opisina.

Cute si Cherry, mataba at maliit. Graduate ng Legal Management mula sa kilalang unibersidad at mukhang masigasig at masayahin. Panglima na si Cherry sa mga naging sekretarya ni Rita sa loob lamang ng isang taon. At sa taas ng expectations at standards ni Rita, mukhang susuko na rin ang bagong graduate na ito.

“Mrs. Belen Tiu called regarding her case sa Quezon City Branch 29. She’s requesting to a return call.,” wika ni Cherry.

“For...” ani Rita, itinama ang wrong grammar na narinig mula kay Cherry.

“...for a return call,” ulit naman ni Cherry na parang robot.

Sa sobrang taranta at kaba hindi na inintindi ni Cherry kung tama ba ang kanyang grammar sa harap ng kanyang perfectionistang amo.

“Atty. Yadao calls...” patuloy ni Cherry.

“Called...” ani naman ni Rita.

“...called, regarding sa kaso ninyo sa Antipolo. Return call rin po kayo. Si Miss Jackie of MS Accounting...”

Biglang pinutol ni Rita ang pagsasalita ni Cherry.

“Lahat ba ng mga tawag ko ngayon ay pawang return call?”

“Yes, ma’am.”

“Puwes, tawagan mo silang lahat ngayon din,” utos ni Rita.

Isinenyas ni Rita ang kanyang kanang kamay kay Cherry na maaari na itong umalis sa kanyang

harapan. Pagka-upo niya sa kanyang executive chair, napansin ni Rita na may laman pa ang kanyang out tray.

“Cherry, ano ‘to?!” sigaw ni Rita.

Nasa may pintuan na si Cherry nang tawagin niya ito. Isa-isang tinignan ni Rita ang mga nakalagay sa kanyang out tray na ang lahat ay nabasa na niya kahapon at for filing or for action na ni Cherry.

“Sorry po, ma’am,” wika ni Cherry habang pabalik ito sa mesa ni Rita. “Nakalimutan ko pong kunin kanina sa dami ng tawag sa telepono.”

“Ilang beses ko bang sasabihin sa ‘yo na ayaw kong madaratnan na may laman ang out tray?” patuloy ni Rita

“Sorry po, ma’am” ulit ni Cherry habang kinukuha ang mga dokumento sa mesa ni Rita.

“Sa susunod, alisin mo agad ang laman ng out tray either pagka-alis ko ng opisina or first thing the next day.”

“Opo.”

Nagsimula na si Rita sa kanyang trabaho nang marinig niyang humikbi si Cherry.

“Umiiyak ka ba?” tanong niya.

“Hindi po,” sagot ni Cherry at saka umalis.

Hindi naniwala si Rita sa sinabi ng kanyang sekretarya. Nasigawan na naman niya ito at hindi na siya magtataka kung sakaling mag-resign si Cherry ngayong buwan. Napailing na lang ng ulo si Rita.

ABALA SI RITA sa pagbasa ng mga papeles para sa kanyang kaso. Nagsulat siya ng mga tala sa kanyang yellow pad. Makailang sandali ay tumayo siya at nagtungo sa book shelves kung saan nakalagay ang maraming volumes ng Supreme Court Reports Annotated o SCRA. Kinuha niya ang

isang libro at binuksan ito. Nagsimula siyang magbasa patungo sa kanyang upuan.

Nang makaupo si Rita ay siya namang tumunog ang kanyang intercom. Inangat niya ang receiver ngunit hindi niya inalis ang paningin sa kanyang binabasang libro.

“Yes, Cherry, what is it?” sagot ni Rita sa intercom.

“Ma’am ipinatatawag po kayo ni Atty. Dizon sa main conference room,” sabi ni Cherry sa kabilang linya.

“Pakisabi na papunta na ako,” ani Rita at ibinaba na niya ang receiver.

Tinapos ni Rita ang pagbabasa habang ang kanyang kanang kamay ay abala sa pagkapa ng Post-it. Nang matagpuan ng kanyang kamay ito, kumuha si Rita ng isang piraso at idinikit sa pahina na kanyang binabasa upang magsilbing bookmark nito. Isinara ni Rita ang libro at nagbuntung-hininga.

“Distorbo.”

CHAPTER 5

NATIGIL ANG PAG-UUSAP ng tatlong partners ng Resurreccion, Caruso, Dizon & Associates Law Office nang may kumatok sa pintuan ng conference room.

“Come in,” sabi ni Atty. Dizon.

Bumukas ang pinto at pumasok si Rita sa conference room.

“Atty. Madrilejos,” ani Dizon. “Take a seat, please.”

“Good afternoon, attorneys,” bati ni Rita sa kanila.

Nagtungo ito sa isang upuan at umupo sa tapat ni Atty.Dizon.

“Attorney, alam mo naman siguro ang nangyari sa anak ni Mayor Del Mundo,” panimula ni Dizon.

“Yes, Sir,” sagot ni Rita. “It’s very much publicized.”

“You see, Rita, Mayor Del Mundo is one of our respected clients,” wika ni Resurreccion. “He wants us to handle his case and Atty. Dizon here suggests to assign this case to you.”

Inaasahan ni Dizon na tatanggapin ng kanyang protégé ang alok na ito. Subalit nabasa niya sa mukha ni Rita ang kakaibang ngiti.

“Thank you, gentlemen,” ani Rita. “But I’m sorry, hindi ko matatanggap ang alok ninyo.”

Tumayo si Dizon sa kanyang kinauupuan. Nagtungo siya sa likuran ni Rita at hinawakan ang mga balikat ng abugada.

“Rita, bakit mo naman tatanggihan ang kasong ito?” tanong niya. “Magaling kang abugado. Kayang-kaya mong ipanalo ito sa korte.”

Tinignan ni Rita ang mga kamay ni Atty. Dizon sa kanyang balikat ngunit hindi tinanggal ng matandang abugado ang mga kamay nito.

“I don’t want to represent Mayor Del Mundo nor anyone of his family,” wika ni Rita.

“Think of your career,” hikayat ni Dizon. “Sisikat ka sa kasong ito. ‘Di ba ‘yan ang gusto mo?”

Tumayo si Rita at umalis sa kanyang kinauupuan. Napilitan tuloy si Atty. Dizon na tanggalin ang mga kamay sa balikat ng dalaga.

“Kung si Mayor Del Mundo lang, huwag na,” ani Rita. “Ayaw kong makilala bilang tagapagtanggol ng mga corrupt na pulitiko.”

“Kalimutan mo muna ang pulitika, Rita,” sabi ni Dizon. “Iyong namatay na bata ang bibigyan natin ng hustisiya. This is a very good opportunity I’m giving you, *hija*.”

“I’m sorry, Sir, I can’t take it,” sagot ni Rita.

“See? I told you, pañero,” ani Atty. Caruso. “Masisira ka lang kay Mayor dahil sa kanya.”

“Rudy, I suggest that you take Atty. Helen Cervantes or Atty. Joseph Chua,” wika naman ni Atty. Resurreccion.

Nakatitig lang si Atty. Dizon kay Rita. Naisip niya na matigas na talaga ang ulo ng kanyang alaga. Lumaki na siguro ang ulo nito nang sunud-sunod ang pagkapanalo ni Rita sa mga kaso na ibinigay niya dito. Wala siyang nagawa kundi ang magbuntung-hininga sa panghihinayang.

“Aminin mo na, Rudy,” patuloy ni Resurreccion. “Sumasakit na rin ang ulo mo sa babaeng ‘yan.”

“I beg your pardon, Atty. Resurreccion?” ani Rita.

“Nakatanggap ako ng mga reklamo tungkol sa ‘yo,” sagot ni Resurreccion. “Masyado kang mayabang at mataray. Lahat na ng mga empleyado rito ay kaaway mo na.”

“Wala akong pakialam sa mga pinagsasabi nila,” wika ni Rita. “Mayabang man ako, iyon ay dahil sa may ipagmamayabang ako.”

“Rita!” ani Dizon.

“Kung mataray man ako, iyon ay dahil I can’t stand the mediocrity of other people,” patuloy ni Rita.

“And what do you think of yourself, perfect?!” galit na sinabi ni Dizon. “Iyan ba ang itinuro ko sa ‘yo?”

“Ay naku, Rita,” ani Atty. Caruso. “I don’t know how are you going to succeed.”

“I will, Atty. Caruso,” mariing sinabi ni Rita. “You will see.”

“But not here at RCD,” sabi ni Resurreccion.

“Of course, Sir,” sagot ni Rita. “I’ll do it my way.”

“Let’s see,” ani Caruso.

Tumahimik ang lahat, lalo na si Atty. Dizon. Makailang saglit pa ay nagsalita na si Rita.

“After this meeting, I’ll be writing my resignation letter, if that pleases you, gentlemen.”

Nagkatinginan sina Atty. Dizon at Rita.

“You’ve failed me, Rita,” ani Dizon.

“I’m sorry, Sir. You’re such a good mentor. But I think it’s time for me to go.”

Hinayan na lang ni Atty. Dizon na lumabas si Rita ng conference room. Narinig na lang nila ang malakas na pagsara ng pinto.

CHAPTER 6

MAG-ISANG NANOOD NG TV si Rita sa kanyang kama. Hawak niya ang remote control at wala siyang tigil sa paglipat ng channel. Makalipas ng isang ikot, nagpasya siyang huminto sa isang palabas na pelikula. Kasisimula pa lamang nito.

Inilapag ni Rita ang remote control sa kanyang bedside table. Hindi niya tuloy naiwasang makita ang larawan nilang dalawa ni Victor, ang kanyang kasintahan. Hinawakan niya ang picture frame at hinaplos niya ang kanyang mga daliri sa mukha ni Victor sa larawan.

Napakaguwapo ni Victor sa larawang iyon. Matangkad, moreno, matipuno ang pangangatawan. Magka-akbay silang dalawa sa larawan, matamis ang mga ngiti.

Naalala ni Rita noong una silang nagkakilala. Magkaklase sila noon pang unang taon ng Civil Law sa UST. Criminology graduate si Victor at siya naman ay Accounting. Huminto lang sa pag-aaral ng abugasiya si Victor nang magdesisyon ito na maging pulis. Bumalik lang ito sa pag-aaral nang madestino si Victor sa CIDG sa Camp Crame. Ang tagal na rin pala ng kanilang relasyon.

Ibinalik ni Rita ang picture frame sa mesa. Nakita niya ang telepono sa bedside table.

“Tatawag kaya siya?” tanong ni Rita sa kanyang sarili.

Ngunit hindi naman tumunog ang telepono.

Ibinaling ni Rita ang kanyang atensiyon sa panonood ng pelikula, isang love story.

Makailang saglit pa ay napatingin siyang muli sa telepono. Agad niyang iniangat ang receiver at nag-dial ng numero. Subalit agad niyang ibinaba ito.

“Bakit ko nga ba siya tatawagan?” tanong niya uli sa sarili. “Siya dapat ang tumawag.”

Bumalik siya sa kanyang pinapanood. Isa itong romantic comedy na puno ng kilig ngunit hindi man lamang kinilig si Rita. Sa halip, nakadama siya ng pangungulila. Mahigpit niyang niyakap ang hawak na unan.

Makalipas ng ilang minuto, napanood niya ang init ng pagmamahalan ng dalawang bida sa pelikula. Agad kinuha ni Rita ang telepono at nag-dial ng numero. Makalipas ng ilang ring ay may sumagot na lalaki sa kabilang linya.

“Bakit hindi ka man lang tumatawag?” tanong ni Rita.

“Ba’t naman ako tatawag sa ‘yo?” sagot ng lalaki. “Ikaw nga itong galit sa akin.”

“Look, Victor, kilala mo naman ako, ‘di ba?” ani Rita. “Alam mo naman ‘yung nangyari sa opisina, siyempre mainit ang ulo ko.”

“Hindi mo man lang ba naisip na nakakasakit ng damdamin ‘yung mga pinagsasabi mo?” ani Victor. “Be reasonable naman, Rita.”

“O siya, sige, naiintindihan na kita,” sabi ni Rita. “Pero intindihin mo rin naman saka ako, please lang.”

“Alam mo, nakakasawa na ang away-bati nating ito,” sabi ni Victor sa kabilang linya.

“A, ganoon? At ano naman ang gusto mong mangyari, mag-break na tayo?”

“Wala akong sinasabing ganyan...”

“E, ano ang gusto mong palabasin, ha?”

“Rita, makinig ka nga muna sa...”

“Kung ‘yan ang gusto mo, okay, fine. Break na tayo!”

Agad ibinaba ni Rita ang telepono. Tinitigan niya ang telepono ng ilang minuto. Kinuha niyang muli ang receiver at tinawagan si Victor. Ngunit walang sumasagot sa kabilang linya. Sinubukan niyang muli na tumawag ngunit ganoon pa rin. Ibinagsak ni Rita ang receiver ng telepono.

“Bahala ka!”

Bumalik ang atensiyon ni Rita sa pelikulang malapit na ring matapos. Nakaramdam siya ng pagka-inis kaya kinuha niya ang remote control at madiin niyang pinindot ang channel up key sa paglipat. Kung nakapagrereklamo lang ang remote control, sumigaw na siguro ito sa sobrang pagkakadiin ni Rita. Huminto si Rita sa paglipat nang sumapit siya sa isang local news channel.

“Kinasuhan kaninang umaga ng reckless imprudence resulting to homicide si Paolo Morales sa Quezon City Metropolitan Trial Court,” wika ng isang reporter. “Personal na nagtungo sa korte si Makati Mayor Alfredo Del Mundo, ama ng biktimang si Kaye Del Mundo. Kasama ng alkalde ang kanyang abugado na si dating Congressman Rodolfo Dizon...”

Pinagmasdan ni Rita ang mga pamilyar na mukha habang pinakikinggang mabuti ang balita. Wala pa rin daw abugado si Paolo Morales dahil lagi nitong tinatanggihan ang serbisyo ng mga ito.

Napa-isip si Rita.

“Ano kaya kung ako ang magpresintang abugado niya?” tanong ni Rita sa sarili. “Oo nga, ano? At kapag naipanala ko ito, hmmm, nakaganti na rin ako sa RCD.”

CHAPTER 7

BUMABA NG HAGDANAN si Paolo mula sa kanyang silid. Naka-cast pa rin ang kanyang braso ngunit wala na siyang benda sa ulo. Bakas pa rin sa kanyang mukha ang mga galos at pasa mula sa aksidente.

Wala siyang nadatnan na bisita sa sala na malapit sa malaking pintuan ng kanilang bahay. Nagtungo siya sa pangalawang sala patungong dining room pero wala pa rin doon ang kanyang bisita. Napalingon siya sa pangatlong sala sa may veranda na nakaharap sa swimming pool. Doon niya nakita ang kanyang bisitang babae, nakatingin rin sa swimming pool.

Napapito si Paolo sa kaseksihan ng kanyang bisita. Naka-mini skirt at high heels sa all-black na get up, contrast sa maputi at flawless na binti.

Lumingon sa kanya ang babae at ngumiti.

“Uy, maganda rin pala,” bulong ni Paolo sa kanyang sarili.

“Good morning, Paolo,” ani ng babae.

Lumapit sa kanya ito at inalok ang kanang kamay para sa isang handshake.

“I’m Atty. Rita Madrilejos.”

Nag-iba ang expression ng mukha ni Paolo nang marinig niya ang salitang “attorney”.

“E, ano ngayon?” sabi ni Paolo.

Tumalikod si Paolo kay Rita at hindi siya nakipagkamayan.

Napahiya si Rita kaya ibinaba na lang niya ang kanyang kamay.

“Nagpunta ako dito upang magpresintang abugado mo,” ani Rita. “Nakausap ko na ang mga magulang mo at pumayag na sila. Sabi nila ay kausapin ka nga daw.”

“Para ano pa?” sagot ni Paolo. “Ako ang pinagbibintangan nila. Ang mga ebidensiya ay laban sa akin. Matatalo ka lang, madam.”

Umupo si Paolo sa isang upuan, naka de kuwatro.

“Alam mo bang kaharap mo ang black sheep na de primera klase? Nahulian na may shabu, dalawang beses pumasok sa rehab, ilang beses na ring nahuli beating the red light...” patuloy ni Paolo.

“Sabi ng doktor, may amnesia ka,” sabi ni Rita. “Paano ka naman nakakasiguro na tama ang mga paratang nila?”

“Miss Beautiful...” ani Paolo.

“Rita ang pangalan ko,” putol ni Rita. “Atty. Rita Madrilejos.”

“Atty. Ritz...”

“Correction: it’s Rita.”

“Okay, Atty. Ritz, Rita, whatever...,” ani Paolo. “Natatandaan ko ‘yung nangyari sa party. Ang hindi ko lang maalala, e, ‘yung aksidente. At inaamin ko na nakainom ako that night. So, guilty ako, maliwanag?”

“Sino talaga ang nagmaneho ng sasakyan?” tanong ni Rita.

“Malamang ako,” sagot ni Paolo. “Sasakyan ko ‘yon, e.”

“Malamang ikaw,” ulit ni Rita. “Paolo, makinig ka...”

Umupo na rin si Rita sa sofa at humarap kay Paolo.

“Hindi *por que* mayor ang kalaban mo, hindi *por que* may amnesia ka, hindi *por que* nakainom ka, susuko na lang basta ng walang kalaban-laban.”

“Look, patay na si Kaye,” ani Paolo. “Hindi ko na maibabalik pa ang girlfriend ko.”

“Paano kung mapatunayan ko sa korte na wala kang kasalanan?” tanong ni Rita.

“Naniniwala ako na ako ang nagmaneho ng sasakyan at dahil diyan, namatay si Kaye,” sabi ni Paolo. “Guilty ako. At pagbabayaran ko ito sa kulungan o sa silya elektrika or sa lethal injection kung kinakailangan.”

Napabuntung-hininga si Rita.

“Tila walang patutunguhan ang pag-uusap nating ito. Ito ang calling card ko. Tawagan mo na lang ako kapag matino ka nang kausap.”

Iniabot ni Rita ang tarheta kay Paolo at nagpaalam.

“See you next time. Goodbye,” ani Rita.

Nakaalis na si Rita ngunit hawak pa rin ni Paolo ang calling card. Binasa niya ito:

Atty. Rita Madrilejos
Associate Partner

Ang address nito ay sa Paseo de Roxas sa Makati at kumpleto sa contact numbers.

Inipit ni Paolo ang calling card sa kanyang mga daliri at itinaob ito. Pinaikot-ikot niya ang card sa kanyang kamay habang iniisip kung ano ang kanyang gagawin dito. Huminto siya sa pag-ikot ng tarheta at tumingin sa malayo, doon sa swimming pool. Handa na ang kanyang kamay na lukutin ang card tulad ng ginawa niya sa mga naunang abugado.

Ngunit may pumasok sa kanyang isipan upang basahing muli ang calling card. Makailang saglit pa ay inilagay niya ito sa kanyang bulsa.

CHAPTER 8

NAGLINIS SI RITA NG KANYANG CONDO UNIT. Iniligpit niya ang mga nagkalat sa kanyang silid --- mga libro, stuffed toys, magazines, labahang damit.

Kinuha niya ang larawan nila ni Victor sa bedside table at inilagay niya ito sa kama. Binuksan ni Rita ang kanyang cabinet at inilabas niya ang mga naiwang damit ni Victor --- t-shirts, polo, pantalon, jacket, sando, brief, medyas, sinelas, sapatos. Inihagis niya ang mga ito sa kama. Nang maubos lahat ng mga damit ni Victor sa cabinet, nagtungo si Rita sa banyo at kinuha ang mga naiwang toothbrush, deodorant, cologne, at suklay nito.

Isa-isang itinupi ni Rita ang mga damit ni Victor at inilagay sa isang malaking plastic bag mula sa

Duty Free shop. Nang matapos niyang isinilid ang mga ito, ipinatong niya ang picture frame sa ibabaw at dinala ang plastic bag sa kusina.

Pagdating sa kusina, dinampot niya ang itim na garbage bag. Lumabas siya sa kanyang unit patungo sa pinakamalapit na fire exit kung saan naroon ang garbage chute.

Mabuti na lamang at walang tao sa corridor at nakakita ng kanyang hitsura --- nakaputi na t-shirt na manipis at maluwag, maiksing maong na shorts, nakapaa lamang at maraming bahid ng dumi sa binti, braso, at mukha. Magulo pa ang kanyang buhok. Hindi siya si Atty. Rita Madrilejos na madalas makita ng mga tenants.

Hinulog muna ni Rita ang itim na garbage bag at pagkatapos ay ang plastic bag na naglalaman ng mga damit ni Victor. Dumiretso ang mga ito sa basement kung saan naipon ang lahat ng basura ng mga tenants ng condominium.

Blangko ang ekspresyon sa mukha ni Rita. Hindi tuloy malaman kung malaking kaginhawaan ba o pagsisisihan niya ng malaki ang kanyang ginawa.

HINDI PA DALAWIN NG ANTOK SI RITA kaya nagpasya siyang manood muna ng TV. Balita ang palabas at si Paolo Morales pa rin ang nasa headlines.

“Hanggang ngayon ay wala pang abugado si Paolo Morales, ang binatang kinasuhan ni Mayor Alfredo Del Mundo,” wika ng babaeng newscaster.

Patuloy lang sa panunood ng balita si Rita. Interesado siya sa mga developments ng kaso.

“Nasa kabilang linya po si Paolo Morales,” wika ng newscaster. “Paolo, good evening. Live, on-air ka ngayon sa Late Night Metro News ng Channel 3. Ito si Regine Sta. Maria.”

“Good evening po,” sagot ni Paolo on-air.

“Paolo, totoo bang tinaggihan mo lahat ang mga abugadong nagpresintang magtatanggol sa ‘yo?”

“Opo. Pero may napili na po ako ang mga parents ko. Naka-usap ko na nga po siya, e.”

“Ha? Sino?” pagtataka ni Rita habang nilakasan niya ang volume ang television.

“Maaari bang malaman kung sino ang abugadong ito?” tanong ng newscaster.

“Si Atty. Rita Madrilejos po,” sagot ni Paolo.

Nagulat si Rita sa narinig.

“Anak ng...,” ani Rita. “Akala ko ba ayaw mo sa ‘kin?”

MAKALIPAS NG LABINLIMANG MINUTO ay nag-ring ang telepono. Sinagot ni Rita habang pinhinaan niya ang volume ng TV sa pamamagitan ng remote control.

“Hello,” sagot ni Rita.

“Hello, good evening po,” sabi ng lalaki sa kabilang linya. “May I speak with Atty. Rita Madrilejos?”

“Speaking. Who is on the line?”

“Si Paolo Morales po.”

“So, ang magaling na lalaki, nagpa-interview sa TV, live on-air pa...”

“Kaya nga po ako napatawag...”

“Hindi ka man lang nagpasabi sa akin...”

“Sorry na nga po, e...”

“E, kung sabihin ko sa media na tinanggihan mo rin ako? O kaya, i-deny ko?”

“E, kung ayaw n’yo, ‘di ‘wag! Nagso-sorry na nga, e!”

Inaasahan ni Rita ang pagbagsak ng telepono sa kabilang linya gaya ng nakagawian niya kapag nakikipagtalo at nagkakainitan sa telepono. Ngunit

wala siyang narinig na klik. Namagitan ang katahimikan.

“Nariyan ka pa ba?” tanong ni Rita.

“Opo,” sagot ni Paolo.

“Puwede ba? Huwag ka nang mag-po. Hindi naman ako matanda, ano?”

“O sige po... este, o sige,” ani Paolo. “Teka, ilang taon ka na ba? If you don’t mind me asking.”

“Wala ka ng pakialam kung ilang taon na ako,” sagot ni Rita. “Let’s just say that my age is a guessing game.”

“Charot!” pabirong sinabi ni Paolo.

“Puwede ba? Makipag-usap ka nga sa akin ng matino.”

“Matino naman ako, a.”

Napailing na lang si Rita. Mukhang mahihirapan siyang makipag-usap sa batang kliyente, ang tigas na nga ng ulo, makulit pa.”

“Okay, okay, makinig ka,” wika ni Rita. “Kung ako nga ang napili mong abugado, salamat. Pero, susundin mo ang lahat ng mga ipinag-uutos ko sa iyo, maliwanag?”

“Sure.”

“Unang-una, huwag kang basta-bastang nagpapa-interview sa media ng walang pahintulot ko, maliwanag?”

“Yo!”

Napabuntung-hininga si Rita.

“Pangalawa, magsasabi ka sa aking ng totoo. Wala kang itatago sa akin, okay?”

“Sinabi mo, e..”

“Pangatlo, patutunayan natin sa korte na you’re not guilty...”

“E, paano nga kung guilty ako?”

“Patunayan muna nila sa korte na guilty ka!”

Kaunting katahimikan. Napatingin si Rita sa itaas.

“Pakiusap naman, o,” sabi ni Rita. “Makipag-cooperate ka naman sa akin. Paolo, gagawin ko ang lahat maipanalò ko lang ang kasong ito. Wala kang kasalanan, itanim mo ‘yan sa isipan mo.”

Hindi sumagot si Paolo sa kabilang linya.

“Hello? Narinig mo ba ako?” tanong ni Rita.

“Alam mo, mare, imposible ang gusto mong mangyari,” sagot ni Paolo.

“Puwede ba, be positive!”

“Okay, okay... keep your cool.”

Napabuntung-hiningang muli si Rita.

“Kailan ka ba pupunta rito, Atty. Ritz?” tanong muli ni Paolo.

“It’s Rita,” sabi ng abugada. Waring inis na.

“Whatever...”

“Bukas, ten in the morning.”

“Good! Sige madam, see yours when I see yours. Good night, bye.”

“Ano?!”

Hindi narinig ni Paolo ang sinabi ni Rita. Isang matunog na klik ang narinig ng babae. Hawak pa rin niya ang receiver ng telepono. Naalala niya ang huling sinabi ni Paolo. Narinig na niya iyon. Hango ‘yon sa pelikula nina Vilma Santos at Albert Martinez. Napangiti si Rita.

“Gago’ng bata ‘yon, a!”

CHAPTER 9

NAG-USAP SINA PAOLO AT RITA SA GAZEBO sa tahanan ng mga Morales sa Green Meadows Subdivision sa Quezon City.

Lumabas ang isang katulong mula sa veranda, may dalang tray ng merienda para sa kanila. Lumibot pa ng swimming pool ang katulong patungong gazebo.

“Ito po ang kape ninyo, Attorney,” sabi ng katulong nang ilapag nito ang tasa sa harapan ni Rita.

“Salamat,” ani Rita.

Inilapag naman ng katulong ang isang basong softdrink sa harapan ni Paolo. Pagkatapos ay naglapag na ito ng platito at tinidor para sa kanilang dalawa bago inihain ang isang tray ng pasta.

“Ano ‘yan, Inday?” tanong ni Paolo.

“Carbonara daw sabi ni Ma’am,” sagot ng katulong. “Ay!”

Napasigaw ang katulong nang paluin ni Paolo ang puwet nito. Sinbayan pa niya ng kanta...

“Inday... will always love you...”

“Manunulay ka, idoy!” sigaw ng katulong at umalis. “Humanda kang bata ka, isusumbong kita kay Sir.”

Tumawa lang si Paolo habang sinundan niya ng tingin ang katulong. Napansin niya na seryoso lang si Rita.

“Sige, kumain ka muna,” alok ni Paolo. “Luto ni Mama ‘yan.”

Kumuha si Rita ng pasta at inilagay ito sa kanyang platito. Ganoon rin si Paolo.

“Nabasa ko na ang isinampang demanda sa ‘yo,” ani Rita. “Also, may naka-schedule ng arraignment para sa ‘yo.”

“Okay,” sabi naman ni Paolo.

Sumubo si Rita ng pasta, ngumuya, at nagustuhan niya ito.

“Mmm... ang sarap!,” sabi ni Rita.

“Basta si Mama ang nagluto, the best,” ani Paolo.

“Puwedeng mai-settle our of court...”

“Puwede, kumain muna tayo?”

Natigilan si Rita.

“Kailangan ba nating mag-usap tungkol sa kaso ko habang kumakain?” tanong ni Paolo.

“Para ‘di masayang ang oras,” sagot ni Rita, sabay subo ng pasta.

“Alam mo, pareho kayo ng Papa ko. Sobrang alcoholic.”

“Paolo, we need to work hard,” ani Rita pagkatapos ngumuya.

Tinapos rin ni Paolo ang kanyang nginunguya at uminom ng softdrink.

“At para ano, magpayaman?”

“Ay naku, bata ka pa...Kapag nagkatrabaho ka na, you will see.”

Hawak ni Paolo ang tinidor sa kanyang kanang kamay at iwinagayway ito sa harap ni Rita.

“Kapag ako nagtrabaho, I’ll make sure na I’ll enjoy my job and not work like crazy tulad n’yo.”

Ipinagpatuloy ni Paolo ang pagkain ng pasta.

“You seem serious with that statement,” sabi ni Rita habang pinagmamasdan si Paolo.

“Of course, I’m serious,” sagot ni Paolo. “What do you think of me, still a kid?”

Kapwa silang natigilan. Nagpatuloy sa kanilang pagkain.

“Ito ang mahirap sa bunso, e,” patuloy ni Paolo. “They treat you as a kid. Hindi nila ma-realize na I have a mind of my own.”

“Kaya ba nagre-rebelde ka?” tanong ni Rita.

“Aaminin ko, tarantado ako noon,” ani Paolo. “Nagbago na ako. Malaki ang pasasalamat ko kay Kaye.”

“So, you owe it to her.

“Si Kaye ang nagbigay ng direksiyon sa buhay ko.”

Kapwa na naman silang tumahimik. Kapwa tinapos ang kanilang merienda.

“You really lover her, don’t you?” tanong ni Rita.

“Yes, I love her very much,” sagot ni Paolo.

“Kaya nang mamatay siya, iyak ako ng iyak. Sana ako na lang ang namatay.”

Namagitan uli ang katahimikan.

“Kaya nang kinasuhan ako ni Mayor, okay lang,” patuloy niya. “Guilty ako, e. Kaya lahat ng mga abugado na lumapit sa akin, tinanggihan ko.”

“I see,” ani Rita.

“Pero may point ka. Kung guilty man ako, at least napatunayan ito sa korte.”

Tumango si Rita.

“Kain ka pa,” alok ni Paolo.

“No, thanks,” ani Rita. “Busog na ako. I’ll just finish this coffee.”

“So, how’s your boyfriend?” tanong ni Paolo.
Nagulat si Rita.

“How did you know I have a boyfriend?”

“Sa ganda mong ‘yan, wala kang boyfriend?”
Napangiti si Rita at tumango.

“Okay. We just broke up.”

“Oh, I see. Sino sa inyo ang nakipag-break?”
Nabigla si Rita sa tanong ni Paolo.

“Pati ba naman ang personal na buhay ko...”

“Sagutin mo na lang ang tanong ko...”

Napailing si Rita sa kakulitan ni Paolo.

“Okay, fine. Siya. Does that satisfy you?”

“No wonder...”

“What do you mean?”

Inubos ni Paolo ang kanyang softdrink.

“I’ve told you, pareho kayo ni Papa...”

“Kung ano man ang pinag-awayan namin ng
boyfriend ko, wala ka na doon,” ani Rita.

“Wala na kung wala,” sagot ni Paolo. “Pero
pustahan tayo, tama ako.”

Hindi na kumibo si Rita. Nakatitig pa rin sa
Paolo sa kanya. Umiwas ng tingin si Rita. Maka-
ilang saglit pa ay nagsalita na siya.

“Siguro naman, puwede na nating pag-usapan
ang kaso mo?”

“Okay,” sabi ni Paolo.

Inilabas ni Paolo mula sa kanyang bulsa ang
isang kahang sigarilyo. Kumuha siya ng isang stick
at inalok niya si Rita.

“Do you smoke?”

Kumuha ng isang stick si Rita.

“Thanks.”

Sinindihan muna ni Paolo ng lighter ang
sigarilyo ni Rita bago ang sa kanya.

“Thanks,” ani Rita at bumuga ng usok. “As I was saying, puwedeng mai-settle of out court ang kaso mo...”

“Bahala ka, madam,” sagot ni Paolo. “Pero as far as I’m concerned, I can take all the blame.”

“Pero I doubt it, alam kong may political agenda si Mayor,” paliwanag ni Rita. “Kaya sa arraignment, kapag tinanong ka ng korte, sasabihin mo, ‘Not guilty’, maliwanag?”

“What if sinabi kong ‘Guilty?’”

“Hindi ka sasagot ng ‘Guilty’! Lalaban tayo, remember?”

“Okay, fine. Lalabanan natin si Mayor.”

“Hindi lang si Mayor ang kalaban ko rito, Paolo,” sabi ni Rita. “Pati na rin ang abugado niya, si Atty. Rodolfo Dizon.”

“What for?” tanong ni Paolo.

Natigilan si Rita. Hindi agad siya sumagot.

“Well, put it this way,” panimula ni Rita.

“Labanan ng abugado ito. Kaya gusto kong manalo tayo, do you hear me?”

“Sure,” sagot ni Paolo. “War na kung war. ‘Yan naman ang gusto mo, e.”

“Kaya kailangan ko ang full cooperation mo.”

“Nagko-cooperate naman ako, a.”

Kapwa silang natigilan.

“Okay,” panimula ni Rita. “Tell me about the party. Kailan ito?”

“July 12,” sagot ni Paolo. “Birthday ng kabarkada kong si Mannix.”

“Kasama mo si Kaye na dumating?”

“No, nauna akong dumating...”

“Ano’ng oras?”

“Ako, nine-thirty. Siya, siguro mga ten-thirty, eleven, ganoon.”

“Saan siya galing?”

“Sa bahay ng classmate niyang si Gladys. May tinapos daw silang report o project, parang ganoon.”

Sabay pa silang dalawa na nagtaktak ng abo sa ashtray.

“Ano pa ang nangyari sa party?” patuloy na tanong ni Rita.

“The usual, inuman, kainan, kantahan, sayawan...”

“Ano’ng ininom mo at nakailan ka?”

“Ang tindi mo naman, mare,” sabi ni Paolo. “Daig mo pa ‘yung imbestigador.”

“Masanay ka na dahil mas malala pa kapag abugado na nila ang nagtanong sa ‘yo,” ani Rita. “Ngayon, sagutin mo ang tanong ko: ano’ng ininom mo at nakailan ka?”

“Teka, ilan nga ba kami?” tanong ni Paolo sa sarili habang nagbibilang sa kanyang daliri. “Lima kami, si Kaye, si Mannix, ako...”

Patuloy pa rin si Paolo sa pagbibilang sa kanyang daliri, inaalala kung ilan sila noong gabing iyon sa party.

“Siyam kaming lahat,” wika ni Paolo.

“Pinagtulung-tulungan naming ubusin ‘yung tatlong case ng beer.”

Nag-isip si Rita kung ilan ‘yon.

“Iyong eksaktong bilang...” nakailang bote ka?” tanong ni Rita.

“Actually, hindi ko binilang,” sagot ni Paolo.

“Hey, kaya ko pa noon. Wala akong tama noon nang umuwi kami. Kaya ko pang mag-drive.”

“Ano’ng oras kayo umuwi ni Kaye?”

“Hindi ko matiyak. Ang natatandaan ko, siya ang nagyayang umuwi. Ang sabi ko, maaga pa. Pero mapilit siya.”

“Sino sa inyong dalawa ang nagmaneho ng Civic?”

“Sasakyan ko ‘yon, kaya malamang ako. Walang sasakyan si Kaye that time.”

Tapos nang manigarilyo ni Paolo at idiniin na niya ang upos ng sigarilyo sa ashtray.

“Attorney, hindi ko matandaan talaga,” wika ni Paolo. “Naaalala ko ‘yung paglabas namin ni Kaye sa bahay ni Mannix, umuulan noon. And the next think I know, nasa ospital na ako.”

CHAPTER 10

NAPANSIN NI RITA na may lumabas sa veranda patungo sa kanila sa gazebo. Nakita niya si Federico na may kasamang matandang bisita. Pamilyar sa kanya ang bisitang ito.

“Atty. Madrilejos,” tawag ni Federico. “I would like to introduce you to my uncle, retired Justice Leandro Morales.”

Tumayo si Rita upang makipagkamayan sa retiradong huwes ng Korte Suprema.

“Pleased to meet you, Justice,” ani Rita.

“Me too,” sabi ng matanda. “I’ve known RCD for many years. Kilala ka na nga doon, e.”

Napangiti si Rita.

“Well, thank you...”

“Noong nag-file ng kaso si Rudy Dizon, hindi ka kasama,” patuloy ng retired justice. “Nagulat nga

ako nang marinig ko na ikaw ang abugado ng apo kong si Paolo. ‘Ano ‘to?’ ‘ika ko. RCD versus RCD?’

Tumawa pa ang matanda.

Napangiti lang si Rita. Ngunit napansin niya na iba na ang ekspresyon ng mukha ni Paolo.

“Independent na po ako ngayon,” wika ni Rita.

“I’m no longer connected with RCD.”

Biglang tumayo si Paolo at nagpaalam.

“Excuse me. Papasok po muna ako sa loob.”

Sinundan ng tingin ni Rita si Paolo. Nagtataka siya kung bakit umalis kaagad ang binata samantalang hindi pa sila tapos mag-usap.

“Kailan ka pa nagsimula ng independent practice, *hija?*” tanong ni Justice Morales.

“Ngayon lang po,” sagot ni Rita.

“May balita ako na gagamitin nila ang drugs issue laban kay Paolo,” sabi ni Justice Morales.

“Have you asked Paolo about this? Ang hirap kasing kausapin ‘yang batang ‘yan, e.”

“Drugs?” tanong ni Rita sa kanyang sarili.

“Excuse me, gentlemen. Susundan ko lang si Paolo.”

“Dito ka na mag-lunch, Attorney,” sabi ni Federico.

“Sige po,” sagot ni Rita at agad umalis patungong veranda.

Nagsimula nang mag-usap sina Federico at Justice Morales pero hindi na ito pinakinggan ni Rita. Ang isip niya ay na kay Paolo at sa sinabing isyu tungkol sa droga.

Pagdating niya doon sa veranda, nakita niya si Paolo na paakyat na ng hagdanan.

“Paolo, sandali lang,” ani Rita.

“Bakit?” sarcastic na sagot ng binata.

“Hindi pa tayo tapos mag-usap. I need to know...”

“Ano pa ang pag-uusapan natin? Ilalaglag mo rin naman ako, ‘di ba?”

“Ano’ng pinagsasabi mo d’yan?”

“E, ano kaya ito?” tanong ni Paolo sabay ipinakita ang calling card ni Rita. “RCD versus RCD, ha?”

“Ano?”

“O, ‘di ba?” patuloy ni Paolo. “Pareho kayong taga-RCD nung abugado ni Mayor. Kayo-kayo ang maglalaban para sabihin ng iba na fair, patas ang laban...”

Napailing ng ulo si Rita, hindi makapaniwala sa mga sinasabi ni Paolo.

“Pero si Mayor ang mananalo dito, pustahan tayo,” patuloy ng binata. “Nagkasundo na siguro kayo, ano? Or, better yet, nag-cash-undo na kayo. Ang galing mo rin naman, ano? Pinabilog mo pa ang ulo ko.”

“Nag-resign na ako sa RCD nang magka-usap tayo,” paliwanag ni Rita. “Hindi na ako connected sa kanila.

Tumalikod si Paolo at akma nang aakyat ng hagdanan.

“Sandali,” pigil ni Rita.

Napaharap si Paolo sa kanya.

“Kung ipinagpuputok ng butse mo ‘yang calling card na ‘yan, aba, natural lang na wala pa akong bagong calling card when I met you.”

“Mag-gaguhan na lang kaya tayo?” sabi ni Paolo at tumalikod muli paakyat ng hagdanan.

“Sandali!” pigil uli ni Rita.

“Bitawan mo nga ako!”

“E, ikaw nga itong wala sa katwiran...”

“Sige, i-frame up n’yo ako! Tutal naman, matagal ko nang gusto na makulong habang buhay.”

At umalis nang tuluyan si Paolo.

“Paolo!”

Wala nang nagawa si Rita. Kumapit na lang siya sa railing ng hagdanan at napabuntung-hininga.

“Pagpasensiyahan mo na ang bunso ko,” narinig ni Rita mula sa kanyang likuran.

Lumington si Rita at nakita niya si Mildred na nakatayo sa may sala. Lumapit sa kanya ang ina ni Paolo.

“Kayo po pala,” ani Rita. “Kanina po ba kayo d’yan?”

“Narinig ko kasi ‘yung sigawan n’yo” sabi ni Mildred. “Attorney, huwag ka sanang magsawa ng pagtulong sa anak ko.”

“Mrs. Morales...”

“Mildred na lang,” putol ng ina ni Paolo. “Can I just call you Rita?”

Napangiti si Rita at tumango.

“As I was saying, Mildred, gagawin ko ang lahat maipanalo ko lang ang kasong ito,” ani Rita.

“I know,” sabi ni Mildred. “Naniniwala akong walang kasalanan si Paolo. Aksidente lang ang lahat.”

“Problema ko ngayon si Paolo, he keeps on telling me that he’s guilty,” sabi ni Rita.

“Hayaan mo, kakausapin ko siya.”

“Salamat po. At sana, sa araw ng arraignment, huwag siyang magkakamaling sabihing ‘Guilty’.”

CHAPTER 11

MALALIM NA ANG GABI ngunit hindi pa rin makatulog si Paolo. Nakahiga siya sa kama, nakatitig sa itaas. Arraignment na niya bukas ng umaga pero pakiramdam niya ay hahatulan na siya kinabukasan.

Maraming alaala ang naglaro sa kanyang isipan.

“Naaksidente kayong dalawa ng girlfriend mo... Kasalanan mo, lasing ka na nagmamaneho!” naalala niyang sinabi ng kanyang ama.

“Post-retrograde amnesia...” ang sabi naman ng doktor.

“Pinagtulungan namin ‘yung tatlong case ng beer...” naalala niyang sinabi kay Atty. Madrilejos.

“You really love her, don’t you?” tanong sa kanya noon ni Attorney.

“Yes, I love her very much...” sagot niya.

“Kasalanan mo...” narinig niyang muli ang kanyang ama.

“Kaya sa arraignment, kapag tinanong nila sa korte, ang sasabihin mo, ‘Not guilty’, maliwanag?” singit ng tinig ni Atty. Rita.

“Sasakyan ko ‘yon, kaya malamang ako. Walang sasakyan si Kaye that time.”

“Post-retrograde amnesia...”

“Bakit, anak, wala ka bang naaalala?” naalala niyang tanong ng kanyang ina.

“Tell me about the party...”

Parang sirang plaka ang mga paulit-ulit na sinasabi sa kanyang isipan. Pumikit si Paolo, akala niya siguro ay hihinto ang mga alaala sa paglalaro sa kanyang isipan.

“Tell me about the party...”

Nagsimula siyang sariwain ang naganap sa party mula nang dumating siya sa bahay ng kabarkada. Hindi namalayan ni Paolo na nakatulog na siya. Ang akala niya sa ay sinasariwa pa rin niya ang mga alaala ng nakaraan.

Nakita niya si Kaye na dumating, nakangiti sa kanya. Lumapit siya dito.

“Sorry ha? Na-late ako,” sabi ni Kaye. *“Tinapos pa namin ni Gladys ‘yung mga visual aids na gagamitin namin sa reporting sa Monday.”*

“Okay lang,” ani Paolo. *“Kumain ka na ba?”*

Nagtungo sila sa buffet table at kumuha ng pagkain. Tumabi sila sa mga kabarkada at sumabay sa pagkain at inuman. Makalipas ng ilang oras, napansin ni Paolo ang paghikab ni Kaye.

“Inaantok ka na ba?” tanong ni Paolo.

“No. Sunud-sunod lang kasi ‘yung pagpupuyat ko,” sagot ni Kaye. *“Don’t mind me. Come on, let’s enjoy the party.”*

Patuloy pa rin sila sa kasiyahan --- kantahan, sayawan, inuman, kainan.

“Paolo, ano’ng oras tayo aalis?” tanong ni Kaye makalipas ng ilang oras pa.

“Maaga pa,” sagot ni Paolo. “Wala pang one o’ clock, o.”

“Uwi na tayo, baka lumakas pa ‘yung ulan.”

“Mamaya na lang.”

“Inaantok na ako, e. Gusto ko nang umuwi.

Kaya naghanda na sila upang umuwi at nagpaalam na sa mga kaibigan.

“Guys, uwi na kami,” sabi ni Paolo. “Ihahatid ko pa si Kaye sa Makati.”

Ang kaso, sa mga magkakaibigan, kapag nagpapaalam na ang isa, hindi na matapos-tapos ang kuwentuhan at pagpapaalam. Kaya matagal pa sila bago nagkahiwalay-hiwalay. Naabutan tuloy sila ng malakas na pagbuhos ng ulan.

“Mannix, pare, pahiram muna ng payong,” ani Paolo.

Pinayungan niya si Kaye at sabay silang nagtungo sa kanyang Honda Civic.

Biglang kumidlat at sinundan agad ng malakas na kulog. Nabulabog ang sasakyan at biglang tumunog ang alarm nito.

“Peeeeeeet!”

Nagising si Paolo. Panaginip lang pala niya iyon. Si Kaye, naalala niya. Iyon ang huli nilang pagkikita at pagsasama.

“*Kasalanan mo, lasing ka na nagmamaneho!*” narinig na naman niyang muli ang boses ng kanyang ama.

“*You really love her, don’t you...*”

“*Yes, I love her very much...*”

“*...Sasabihin mo, ‘Not guilty’, maliwanag?’*”

“*What if sinabi kong ‘Guilty?’*”

Hindi na napigilan ni Paolo ang paulit-ulit na alaala. Wala siyang nagawa kundi ang lumuha.

CHAPTER 12

“GOOD MORNING, MR. MORALES,” bati ni Rita sa kausap niya sa kanyang cellphone. “I’m stuck in traffic kaya baka hindi na ako makadaan diyan sa bahay ninyo. Magkita na lang po tayo doon sa Branch 38.”

Madali lang siyang nakipag-usap sa cellphone. Matapos ang tawag na iyon, umusad naman ang daloy ng trapiko. Napansin ni Rita na naglilipatan ng lane ang mga sasakyan sa kanyang harapan. Sumunod rin siya. Pagsapit sa may intersection, may isang kotse na nakahinto na naging sanhi ng trapiko.

“Relax... keep your cool...” bulong ni Rita sa sarili habang nagmamaneho. “Hindi ito ang tamang oras para mag-init ng ulo...”

At idinaan na lang niya sa pagkanta ang nararamdamang tensiyon.

Hindi naman na-late si Rita sa nakatakdang arraignment ni Paolo sa Branch 38 ng Quezon City Metropolitan Trial Court sa City Hall. Ngunit wala pa doon ang mga Morales.

“Nasaan na sila?” pag-alala ni Rita. “Sa Green Meadows lang sila manggagaling, ‘no?”

Hindi na mapakali si Rita. Lakad na siya ng lakad paroo’t parito.

“Feeling tense, Rita?” narinig niyang tanong mula sa isang pamilyar na boses.

Lumingon si Rita at nakita niya si Atty. Rodolfo Dizon sa kanyang tabi.

“No,” wika ni Rita. “Of course, not.”

Tumawa lang si Atty. Dizon.

“Kilala kita, Rita,” ani Dizon. “Mamaya, pagdating ng kliyente mo, masisigawan mo siya for being late.”

“I told my client to take his time, Attorney,” kalmadong sinabi ni Rita.

“Really?”

“Yes,” sagot ni Rita at umalis na siya sa harapan ni Atty. Dizon.

Nagtungo siya sa isang pasilyo na hindi gaanong matao. Doon, nagsindi siya ng sigarilyo. Ang sama naman ng simula ng araw niya. Na-traffic na nga kanina, inalaska pa ng kalaban.

Makalipas ng isang sigarilyo, dumating na rin sina Paolo at Mildred.

“I’m sorry, Rita, kung na-late kami,” paumanhin ni Mildred nang salubungin nito ang abugada.

“Ano’ng problema?” bulong ni Rita kay Mildred upang hindi marinig ng ibang tao. “Bakit ngayon lang kayo?”

“Hay, naku, it took me more than an hour to convince him to get out of his room,” wika ni Mildred. “Kanina pa siya walang kibo. Nagalit na nga si Federico, hindi na tuloy sumama.”

Lumapit si Rita kay Paolo at hinawakan niya ang balikat ng binata.

“Paolo, are you alright?”

Tinignan lang siya ni Paolo ngunit hindi kumibo.

“Sandali lang naman itong arraignment, e,” sabi ni Rita. “Babasahin lang nila ‘yung summary ng kaso pagkatapos ay tatanungin ka nila. Alam mo na ang isasagot, ‘di ba?”

Tinignan muli siya ni Paolo. Seryoso ang binata.

“Shut up, will you?” sabi ni Paolo.

CHAPTER 13

NAKATAYO SA HARAPAN NG HUKOM si Paolo habang binabasa ng Clerk of Court ang kanyang kaso. Katabi ni Paolo si Atty. Rita Madrilejos.

“Ang kasong reckless imprudence resulting to homicide ay isinampa laban sa nasasakdal na si Paolo Morales, labing pitong taong gulang...”

Walang kibo si Paolo habang siya ay nakatayo at nakikinig sa sinasabi ng Clerk of Court. Paminsan-minsan ay lumilipad ang kanyang isipan sa iba’t-ibang bagay na napapansin niya sa loob ng korte.

Ang ganda ni Atty. Ritz ngayon.

Nandito si Mayor at ang kanyang mga burdagol na bodyguards niya.

Ayun ang abugado niyang matanda.

Ang taba naman nitong Clerk of Court.

Bored na yata ‘yung judge.

Kanina pa 'yang mga photographers na 'yan, ha?

“Base sa imbestigasyon ng pulisya at sa mga impormasyon na natanggap ng hukumang ito, ang nasasakdal na si Paolo Morales at ang biktimang si Kaye Del Mundo ay dumalo sa isang birthday party ng kaibigan ng nasasakdal...”

Nainip na si Paolo. Nakadarama na siya ng pangangawit ng binti. Lumingon siya kay Atty. Madrilejos. Ngunit nakatingin ito sa Clerk of Court, nakikinig sa binabasa nito.

Pumasok na naman sa isipan ni Paolo ang iba't-ibang alaala. Ang sinabi ng kanyang ama, ng kanyang ina, ng kanyang abugado. Pinalagpas na lamang ito ni Paolo at hindi na inintindi pa.

“Ayon sa testigo na si Bonifacio Juan, narinig niya ang malakas na pagpreno ng sasakyan at ang pagkabunggo nito sa hindi kalayuan sa kanyang tirahan. Nang lumabas siya sa kanyang bahay upang tignan ito, nakita niya ang sasakyan ng nasasakdal...”

Taimtim nang nakinig si Paolo sa clerk of court. Binabasa na ang kaganapan ng aksidente. Ito na lang ang makakapagpaalala sa kanya kung ano talaga ang nangyari noong gabing iyon.

“Naunang nailabas ng mga paramedics ang nasasakdal na si Paolo Morales na walang malay at sugatan mula sa kaliwang bahagi ng sasakyan...”

Kaliwang bahagi ng sasakyan. Sa driver's seat. Pilit alalahanin ni Paolo kung naroon nga ba siya sa driver's seat noong gabi ng aksidente.

“Kasalanan mo, lasing ka na nagmamaneho!” singit naman ng tinig ng kanyang ama.

Umiling si Paolo. Nais niyang tanggalin sa kanyang isipan ang mga bumabalik na tinig ng kanyang ama. Napalingon siya sa kanyang tabi at pinagmasdan si Atty. Rita Madrilejos.

“*Sasabihin mo ‘Not guilty’, maliwanag?*” naalala niyang sinabi ng abugada.

Napabuntung-hininga si Paolo. Napaligon naman siya sa kinauupuan nina Mayor Alfredo Del Mundo at ang kanyang abugadong matanda, si Atty. Dizon.

“*‘Ano ‘to?’ ‘ika ko, RCD versus RCD?’*” naalala naman ni Paolo ang sinabi ng kanyang lolo.

“*Kaya itinatanong ngayon ng hukumang ito ang nasasakdal na si Paolo Morales kung inaamin niya o hindi ang pagkakasalang reckless imprudence resulting to homicide...*”

Blangko ang mga titig ni Paolo sa Clerk of Court at sa judge. Narinig niya ang huling sinabi ng Clerk of Court ngunit nagdadalawang isip siya sa kanyang isasagot.

“*Kasalanan mo...*”

“*Sa kaliwang bahagi ng sasakyan...*”

Naramdaman ni Paolo ang siko ni Rita sa kanyang tagiliran. Lumingon si Paolo kay Atty. Madrilejos. Nakita niya ang ekspresyon sa mukha ni Rita na sumisenyas na magsalita na siya.

“*‘Ano ‘to?’ ‘ika ko, RCD versus RCD?’...*”

“*Paano nga kung guilty ako?*”

“*Patunayan muna nila sa korte na guilty ka!*”

Naputol lang ang pag-iisip ni Paolo nang marinig niya ang tinig ng judge.

“*What is your plea, Mr. Morales?*”

“*Not guilty, your Honor.*”

CHAPTER 14

“YOUR HONOR, si Kaye Del Mundo ay bata pa para mamatay,” wika ni Atty. Dizon sa kanyang opening statement.

Pinagmasdan ni Rita si Atty. Dizon. Hawak niya ang kanyang mamahaling ballpen at handa na rin ang kanyang yellow pad. Taimtim siyang nakikinig sa mga sinasabi ni Dizon at nag-aabang ng mga salita o kataga na maaari niyang magamit sa kanyang depensa.

“Diyes y siyete anyos pa lamang siya at kumukuha ng pre-med course sa isang kilalang unibersidad. Namatay siya sa isang aksidente. Isang aksidente na sanhi ng kapabayaang at irresponsableng gawa ng isang kabataan...”

Agad isinulat ni Rita sa kanyang notepad ang huling sinabi ni Atty. Dizon. Kaya nang magsalita

na si Rita para sa kanyang opening statement, pahapyaw niyang ginamit ito.

“Your Honor, palagi nating sinasabi sa hukumang ito, at sa lahat ng hukuman sa buong mundo, na ang isang nasasakdal ay nananatiling inosente hanggang sa mapatunayan na ito’y nagkasala sa ilalim ng batas,” wika ni Rita nang humarap siya sa judge.

Humarap naman siya kay Atty. Dizon.

“At dahil dito, hindi naman siguro nararapat na sabihin na ang nasasakdal na si Paolo Morales ay taguriang irresponsable or nagpabaya...”

“MAYOR ALFREDO DEL MUNDO, kilala n’yo ba ang nasasakdal na si Paolo Morales?” tanong ni Atty. Dizon.

“Opo,” sagot ng alkalde.

“Maari n’yo bang ituro sa hukumang ito si Paolo Morales?”

“Siya po,” sabi ni Mayor at itinuro nga si Paolo na nakaupo sa tabi ni Rita.

“Kailan at paano ninyo siya nakilala?”

“Last year ko lang siya nakilala,” sagot ng alkalde. “Ipinakilala siya sa akin ni Kaye bilang kaibigan.”

“Ano naman ang naging first impression ninyo sa nasasakdal?”

“Nang una ko siyang makita, mukha siyang punkista at drug addict...”

“MISS GLADYS REYNOSO, kaano-ano mo ang biktimang si Kaye Del Mundo?” tanong ni Atty. Dizon.

Pinagmasdan ni Rita mula ulo hanggang paa ang testigo. May pagkakonyo ang dating sa pananamit pa lamang nito.

“Bestfriend at classmate ko po si Kaye since high school,” sagot ni Gladys. “Balak naming mag-Medicine kaya pareho kaming kumukuha ng Med. Tech.”

“Kilala mo ba ang nasasakdal na si Paolo Morales?”

“Opo, siya ang boyfriend ni Kaye,”

“Ano naman ang masasabi mo tungkol kay Paolo?”

“He’s a transferee, I learned from Kaye that he keeps on changing his course... He just came out of rehab when I first met him. He smokes and drinks beer a lot.”

“MR. MANNIX LOCSIN, maaari mo bang sabihin sa hukumang ito ang pagkakakilala mo sa nasasakdal na si Paolo Morales?” wika ni Rita.

Nakaupo si Mannix sa witness stand. Matangkad at mukhang atleta sa laki ng kanyang pangangatawan.

“Bilang matalik na kaibigan, masasabi ko po na malaki ang ipinagbago ni Paolo. Siguro po kung hindi pa niya nakilala si Kaye noon, malamang na drug addict pa rin siya hanggang ngayon...”

CHAPTER 15

“MR. LOCSIN, maaari mo bang isalaysay sa hukumang ito ang mga kaganapan noong gabi ng Hulyo 12 ng taong ito?” tanong ni Atty. Dizon sa testigo.

“Birthday ko po noon. Umuulan,” panimula ni Mannix. “Pero kahit po umuulan, nagdatingan naman po ang mga bisita.”

“At isa na doon sa mga bisita mo ay ang nasasakdal na si Paolo Morales, ganoon ba?”

“Opo.”

Nagkatinginan sina Paolo at Mannix. Tiwala si Paolo sa testimonya ni Mannix dahil isa ito sa mga huling nakasama niya bago mangyari ang aksidente.

“Ano’ng oras dumating sa bahay ninyo ang nasasakdal?” tanong muli ni Atty. Dizon.

“Nasasakdal?” ulit ni Paolo sa kanyang isipan. “Iyan na ba ang bago kong pangalan?”

“Hindi ko po masabi ang exact time,” sagot ni Mannix. “Pero sa tantiya ko po, dumating si Paolo between nine o’clock and nine-thirty.”

Ipinagpatuloy ni Mannix ang kanyang pagsasalaysay. Ang buong detalye ng party ay tugma naman sa naalala ni Paolo. Subalit nang tanungin ni Atty. Madrilejos si Mannix, may narinig si Paolo na detalye na makakatulong sa kanyang alaala.

“Mr. Locsin,” panimula ni Rita. “Nasabi mo kanina na dalawang sasakyan ang umalis sa bahay ninyo.”

“Opo,” sagot ni Mannix. “Yung Honda Civic ni Paolo at ‘yung Vanette ni John.”

“Maaari mo bang isalaysay muli ang nangyari?”

“Nang magpaalam sina Paolo at Kaye, sumunod na rin sina John, Mitch, Fritz, at Arah,” salaysay ni Mannix. “Ang naiwan sa bahay ay sina Lalaine at Timmy. Inihatid ko silang anim sa gate at doon nagkuwentuhan pa kami.”

“Mga ano’ng oras ito?”

“Mga bandang one o’clock,” sagot ni Mannix. “Pero naka-thirty minutes pa siguro kaming nagkuwentuhan sa gate. Napansin ko si Kaye, kalabit ng kalabit kay Paolo dahil gusto na niya talagang umuwi.”

“Alam mo ba ang dahilan kung bakit gusto nang umuwi ni Kaye nang mga sandaling ‘yon?”

“Opo. Inaantok na siya at gusto na niyang umuwi.”

Ipinagpatuloy ni Mannix ang kanyang testimonya.

“Nang biglang bumuhos ang malakas na ulan, nagtakbuhan kaming tatlo: ako, si Paolo, at si Kaye pabalik sa loob ng bahay. Humiram ng payong si Paolo.”

“At nasaan naman ang ibang kasama n’yo?”

“Tumakbo sila sa Vanette, at saka umalis. Sila po ang nauna. Pagbalik nina Paolo sa Honda Civic, biglang kumidlat at kumulog kaya nag-alarm yung kotse. Narinig ko pa si Paolo na nagsalita.”

“At ano ang narinig mo?”

“Sabi ni Paolo kay Kaye, ‘Matulog ka na, ako na lang ang magmamaneho’.”

“SPO3 NOEL CRUZ, base sa inyong imbestigasyon, sino ang nagmamaneho ng Honda Civic?” tanong ni Atty. Dizon sa testigo.

“Ayon sa mga saksi, nasa kaliwang bahagi ng sasakyan si Paolo Morales,” ani ng pulis. “And we all know that the left-hand side is the driver’s seat.”

“SPO3 Cruz, paano naman kayo nakakasiguro na si Paolo nga ang nagmaneho ng kotse?” tanong ni Rita nang siya na ang mag-cross examine sa testigo. “Nakita ba ninyo si Paolo Morales sa loob ng sasakyan?”

“Hindi po,” sagot ng pulis. “Nang dumating kami ay naroon na ang ambulansiya at nailabas na ang dalawang pasahero. Sa kanila po ang nanggaling ang impormasyon na sa kaliwang bahagi ng kotse nailabas ang dalawang biktima.”

“DR. OKANO, sinabi mo sa hukumang ito na above normal ang blood alcohol level ni Paolo. Maaari ninyo bang sabihin sa hukumang ito kung ano ang epekto ng mataas na alcohol level sa katawan ng tao?” tanong ni Atty. Dizon.

“People high in alcohol feel drowsy, dizzy, sometimes their vision is blurred,” sagot ng doktor. “That’s why people should not drive or handle machineries when drunk or after taking substances with high alcohol content.”

“Dr. Okano, posible ba na ang isang tao kahit maraming nainom na beer ay hindi pa rin masasabing lasing?” tanong ni Rita sa kanyang cross-examination.

“Opo,” sagot ng doktor. “May mga taong mas mataas ang tolerance nila sa alcohol.”

“So posible na ang nasasakdal na si Paolo Morales ay may high tolerance sa alcohol?”

“Posible po.”

“No further questions, your Honor,” wika ni Rita.

CHAPTER 16

“ANO BA ANG PINAGTALUNAN NINYO NI KAYE noong gabing ‘yon?” tanong ni Rita pagkatapos niyang bumuga ng usok sa kanyang sigarilyo.

“Hindi ko nga matandaan, e,” sagot ni Paolo. “E, kung ikuwento mo kaya kung bakit kayo nag-away ng boyfriend mo, baka maalala ko pa.”

Biglang natawa si Rita sa narinig.

“Ano? Ikaw talaga, Paolo, huwag mo ngang isama sa usapan ang boyfriend ko.”

“Curious lang ako sa love life mo,” ani Paolo. “Panay sa akin na lang ang pinag-uusapan natin, e.”

“Siyempre, ‘yon ang kailangan sa kaso natin, e.”

Tumingin si Rita sa malayo. Doon sa swimming pool, sa tahanan ng mga Morales.

“Uuuyyy, si Atty. Ritz, nami-miss na ang boyfriend,” tukso ni Paolo.

Hindi kumibo si Rita, nakatingin pa rin siya sa pool.

“Ang ganda pala ni Atty. Ritz kapag nagblush, ano?”

Nabigla si Rita.

“Ha? Nag-blush ba ako?”

Tumawa si Paolo.

“Kita mo na,” sabi ni Paolo. “E, ‘di na-miss mo nga.”

“Tumigil ka nga d’yan!” ani Rita at tinapos na ang kanyang sigarilyo. “Nag-blush nga ba ako?”

“Ikuwento mo muna ‘yung love life mo, Atty. Ritz, bago ko sabihin.”

“Will you stop calling me Atty. Ritz?”

“Promise mo muna na you’ll tell me your love story...”

“No, we have to discuss pa ‘yung trial tomorrow...”

Agad kinuha ni Paolo ang bag ni Rita at biglang tumakbo patungong swimming pool.

“Hoy! Paolo!” sigaw ni Rita.

Inilabas ni Paolo ang wallet ni Rita at binuksan ito.

“Ihuhulog ko itong wallet mo sa pool kapag hindi mo ikukuwento buhay mo,” banta ni Paolo.

Lumapit si Rita kay Paolo sa pool at tinangka niyang kunin ang kanyang wallet at bag. Subalit hindi naman ibinibigay ng binata ang mga ito.

“Mag-promise ka muna...,” ani Paolo.

Wala nang magawa si Rita sa kakulitan ni Paolo.

“O, sige na nga,” sabi niya.

Kaya bumalik sila sa gazebo at umupo. Doon na sila nagkuwentuhan tungol sa buhay ni Rita mula pagkabata hanggang ngayon.

“Mahal mo pa rin siya, ano?” tanong ni Paolo nang mabanggit na ang tungkol sa lovelife ng dalaga.

“Yeah...”

“E, bakit ayaw mo siyang kausapin?”

Hindi kumibo si Rita.

“Hmm, pride chicken,” ani Paolo. “Alam mo, if I were you, kakausapin ko siya. Tell him you’re sorry.”

“Saka na lang,” ani Rita. “Teka, ano’ng oras na ba?”

Tinignan ni Rita ang kanyang relo. Maga-alas sais na ng hapon.

“Nakita mo na, sa kakulitan mo, inabot na tayo ng gabi...”

“Don’t worry,” ani Paolo. “Dito ka na lang mag-dinner. Tiyak matutuwa pa si Mama. Mamaya na lang natin pag-usapan ‘yung trial.”

CHAPTER 17

NGAYON LANG NAKITA NI PAOLO ang testigo na nakaupo sa witness stand. Isa siya sa apat na saksi sa aksidente at isinalaysay nito ang mga naganap noong gabing iyon.

“Mr. Rodriguez, sinabi ninyo kanina na nakasalubong ninyo ang sinasakyang kotse nina Paolo Morales at Kaye Del Mundo,” sabi ni Atty. Dizon.

Naikumpara kaagad ni Paolo si Mr. Rodriguez sa kanyang ama na si Federico. Halos magkapareho sila ng edad at pangangatawan.

“Opo,” sagot ni Mr. Rodriguez. “Halos nasa gitna na nga ng kalye ang kotse nila. Kaya nang bumusina ako, bigla itong nag-swerve towards my left.”

“So kung ako ‘yung sasakyan, I swerved to my right...”

“Opo, tapos narinig ko ‘yung brakes, then a screeching sound, then nag-crash na...”

“Nakita n’yo po ba kung sino ang nagmamaneho?”

“Sa lakas ng ulan, at sa dilim, poor visibility, kaya hindi ko matiyak kung babae o lalaki...”

Pilit alalahanin ni Paolo ang aksidente base sa ipinahayag ng testigo.

“MRS. RODRIGUEZ, maaari bang isalaysay ninyo ang nasaksihan ninyong aksidente?”

“I was sleeping that time,” wika ni Mrs. Rodriguez.

Sa tingin ni Paolo, mukhang antukin nga si Mrs. Rodriguez sa katabaan nito.

“Then I heard ‘yung busina, so I woke up. Nakita ko ‘yung kasalubong naming sasakyan na nag-swerve sa kaliwa. I heard the brakes, then I looked at the rear view mirror and saw the car towards the sidewalk...”

Ini-imagine ni Paolo kung paano nabunggo ang sasakyan sa bawat salaysay ng testigo.

“Bigla na lang tumaob ‘yung kotse at bumunggo pa sa isang poste or something,” patuloy ni Mrs. Rodriguez.

“MR. BONIFACIO JUAN,” wika ni Atty. Dizon.

“Ako nga po,” sagot ng testigo.

“Sinabi ninyo sa inyong sworn affidavit na kayo ang unang lumapit sa sasakyang naaksidente, tama po ba?”

“Opo,” sagot ni G. Juan. “Narinig ko po kasi na may bumunggo malapit sa aming bahay, kaya lumabas ako upang tignan ito.”

“Ano po ang una ninyong nakita?”

“Bumunggo ang sasakyan sa isang road sign malapit sa aming bakuran, at nakataob ito. Una ko pong nakita ‘yung lalaki, si Paolo Morales.”

CHAPTER 18

NAGLAKBAY NA ANG ISIPAN NI PAOLO sa ulap ng alaala. Hindi na niya iniintindi ang mga kaganapan sa loob ng korte. Inisa-isa niya ang mga detalye ng aksidente para makabuo siya ng malinaw na alaala na minsang nawala sa kanya.

BIGLANG BUMUHOS ANG MALAKAS NA ULAN kaya sila nagtakbuhan pabalik sa loob ng bahay.

“Mannix, pare, pahiram ng payong,” sabi niya.

Kaya nang mahawakan niya ang malaking payong, binuksan niya ito at nagtungo na sila ni Kaye sa kanyang Honda Civic.

Kumidlat at biglang sinundan ng malakas na kulog.

“Peeeeet!” tumunog ang kotse.

Pinindot ni Paolo ang alarm sa kanyang key chain upang huminto ito.

“Matulog ka na, ako na lang ang magmamaneho,” sabi niya kay Kaye.

“Hindi, ako na,” sagot ni Kaye. “Nakainom ka, e.”

“Ako na, kaya ko pa naman, e.”

Hindi na niya natandaan ang kasunod na nangyari. Ang natandaan na lang niya ay nasa loob siya ng sasakyan. Hindi niya matiyak kung nasa kaliwa ba siya o kanang bahagi. Hindi rin niya matandaan kung hawak ba niya ang manibela o hindi. Ang tanging malinaw sa kanyang alaala ay ang kanilang dinaraan.

Malakas pa rin ang buhos ng ulan. Brownout sa lugar na iyon kaya madilim. Biglang may bumusinang sasakyan. Pumihit silang pakanan ngunit mabubunggo sila sa pader, kaya may umapak sa brake.

Bumaligtad ang kanyang paningin, nakataob na pala ang sasakyan at parikamdang niya ay umaandar pa rin ang kotse.

“Crrraassshhh!!!”

“Thug!”

At wala na siyang naaalala pa.

“PAOLO, ARE YOU ALRIGHT?” narinig niyang tanong ni Rita.

“Ha?”

“Nakikinig ka ba?”

“Sorry, may naalala lang ako,” ani Paolo. “I think my memory is coming back.”

“Oh, good,” ani Rita. “That will be helpful.”

“Attorney, it’s your turn to cross examine the witness,” wika ng judge.

“Yes, your Honor.”

“Atty. Ritz,” tawag ni Paolo.

“Yes?”

“Can I change my plea to guilty?”

Bumulong na lang si Rita upang hindi marinig ng iba ang kanyang sasabihin.

“Paolo, hindi ito ang oras para pag-usapan ‘yan, okay? Just sit down and relax. I’m going to win this case for you.”

CHAPTER 19

“MR. VILLAMAYOR,” panimula ni Rita. “Gaano kayo kalayo sa sasakyan ni Paolo noong gabing ‘yon?”

“Magkasunod lang po kami, about two to four feet away,” sagot ng testigo.

“So nakita n’yo na nag-swerve sa kanan ‘yung Civic?”

“Opo.”

Wala ka bang na-observehan bago ito nangyari?”

“Mayroon po. Kahit malakas ang ulan, patuloy naman ang paggalaw ng windshield wiper ko. At lagi akong nakatutok sa sinusundan kong sasakyan. Nakita ko ‘yung driver na napatungo ang ulo at biglang nagulat nang may bumusina. Kaya bigla rin siyang nag-swerve sa kanan.”

Habang ikinukuwento ni Mr. Villamayor ang kanyang nasaksihan, iginagalaw niya ang kanyang mga kamay upang i-demonstrate sa korte ang nangyari.

“Sigurado ba kayo na nakatungo ang ulo ng driver bago bumusina ang sasakyan ni Mr. Rodriguez?”

“Opo, parang inaantok.”

“Nakita n’yo ba kung babae o lalaki ang driver ng Honda Civic?”

“Hindi ko po matiyak, pero parang babae...”

Biglang nag-react ang mga tao sa loob ng korte na naging sanhi ng ingay.

“Order in the court,” wika ng judge at ipinukpok ang kanyang gavel.

Tumahimik ang lahat.

“Continue Atty. Madrilejos,” utos ng judge.

“Mr. Villamayor, paano kayo nakakasiguro na babae nga ang nagmaneho ng kotse?”

“Nang mabunggo ang sasakyan at tumaob ito, itinabi ko ang aking kotse at bumaba ng sasakyan upang tulungan sila.

“Sino’ng sila?”

“Yung mga pasahero,” sagot ni Mr. Villamayor. “Nang dumating ako sa nakataob na kotse, nakita ko na si Mr. Juan. Pinagtulungan namin kung paano ilalabas sina Paolo at Kaye. Nang makita naming mahihirapan kaming dalawa, tumawag kami ng ambulansiya. Ang mga paramedics na po ang naglabas sa kanila.”

“Nakita n’yo po bang inilabas ang dalawa?”

“Opo.”

“Saan inilabas si Paolo? I mean, saang bahagi ng sasakyan?”

“Kapag nakataob yung sasakyan, sa kaliwa po,” sagot ni Mr. Villamayor. “Bale si Paolo ang nakaupo sa kanan at ang nagmamaneho ng sasakyan ay yung babae, si Kaye. Kasi siya po yung nasa gitna

at naipit, kaya nahirapan ang paramedics na ilabas siya.”

May itatanong pa sana si Rita ngunit narinig niya ang sigaw ni Paolo.

“Your Honor, I want to change my plea to guilty!”

Nag-react agad ang mga tao.

Lumapit si Rita kay Paolo na nakatayo na at lumuluha.

“Paolo, will you stop this? Huwag mo naman sirain ang diskarte ko! Mananalo na tayo, ayaw mo ba ‘yon?”

“Order in the court!” ang sigaw ng judge at ipinukpok ang gavel.

Tumahimik uli ang mga tao. Nanatili pa ring nakatayo si Paolo.

“Your Honor, may I request that both counsels approach the bench?” tanong ni Rita.

“Counsels of both parties may approach the bench,” wika ng judge.

Lumapit sina Rita at Atty. Dizon sa judge.

“Judge, may I ask for a 15-minute recess?” ani Rita. “I will just talk to my client.”

“Just because he wanted to change his plea?” sabi ni Atty. Dizon.

“Alam mo naman na hindi siya ang nagmaneho ng sasakyan...”

“Okay, a 15-minute recess is granted,” sabi ng judge. “After that, I want Paolo Morales on the witness stand.”

“Thank you, your Honor,” sabi ni Rita.

CHAPTER 20

NASA WITNESS STAND NA SI PAOLO at pinakiusapan siya ng hukuman na ipahayag ang kanyang dahilan kung bakit dapat siyang hatulan na nagkasala.

“Nang malaman ko na patay na si Kaye,” simula ni Paolo, “sinisi ko ang aking sarili. Oo, aaminin ko na marami akong nainom na beer noong gabing iyon. Pero kaya ko pang magmaneho. Nagka-amnesia ako, sabi ng doktor, kaya hindi ko matandaan na nagatalo pala kami ni Kaye noong oras na iyon.”

Nagkatinginan sina Paolo at Mannix na naroon sa tabi ni Mildred.

“Ngayon ko lang naalala na pinagtatalunan naming dalawa kung sino ang magmamaneho. Sabi ko, ako na lang kasi inaantok siya. Sabi niya, siya na lang kasi nakainom ako. Ang tagal din naming

nagtalo noon. Basang-basa na nga kami sa ulan, e.”

Tinignan naman ni Paolo si Rita.

“Pinagbigyan ko na lang si Kaye para wala ng away. Nang maganap ang aksidente, nakahawak rin ako sa manibela. Kaya nagawa ko pang umiwas sa pagkakabunggo sa pader. Pero naramdaman ko na tumama ‘yung gulong sa isang malaking bato na ikinataob ng sasakyan.”

Pumaling naman ng tingin si Paolo sa kanyang mga magulang.

“Sana ako na lang ang nagmaneho. Sana ako na lang ang namatay. Tatal, hindi naman ako mahal ng pamilya ko, e. Ako kasi ang black sheep, ang bad boy...”

Lumingon si Paolo sa judge.

“Kaya nga kanina, tinanong ko si Attorney kung puwedeng palitan ‘yung plea sa ‘guilty’, e. Puwede po ba ‘yon? Ako na lang ang ikulong n’yo. Kahit habang-buhay na pagkakakulong o lethal injection, papayag ako. ‘Yon naman ang gusto ni Mayor, ‘di ba?”

Ngayon naman ay humarap siya kay Mayor Del Mundo.

“Mayor, mahal ko po ang anak ninyo. Dahil sa kanya nagkaroon ako ng direksiyon sa buhay. Hindi na ako nagda-drugs, nagbago na ako. Ayan, tanungin niyo si Mannix. Nakita niya kung paano ako nagbago. Pero ang mga magulang ko, hindi nila nakita ‘yon. Akala nila, ako pa rin ang bad boy na anak nila...”

Huminto si Paolo. Matapos niyang pahirin ang kanyang mga luha ay nagpatuloy pa siya.

“Tama pala ang desisyon ko noon na tanggihan lahat ng mga abugado na lumapit sa akin. Sana, noong arraignment pa lang, sinabi ko na ang ‘Guilty’. Hindi na sana umabot pa sa ganito.

CHAPTER 21

“MALUNGKOT KA PA RIN BA?” tanong ni Rita kay Paolo.

“Ba’t ganoon ang desisyon nila?” tanong naman ni Paolo.

“Siyempre, napatunayan kasi nating lahat na wala kang kasalanan,” ani Rita. “At ‘yung gusto mo? Hindi maaari ‘yon. Isa pa, tanggap naman ni Mayor ang katotohanan, e.”

“I feel sorry for Kaye...”

“Look, Paolo,” ani Rita. “May dahilan siguro kung bakit namatay kaagad si Kaye. Hindi man natin alam kung ano ‘yon, pero darating rin ang araw, you will see why.”

Nanatili pa ring tahimik si Paolo.

“O, ayan na ang Papa at Mama mo,” sabi ni Rita nang makita niya sina Federico at Mildred na palapit sa kanila. “So, see yours when I see yours?”

Napatawa si Paolo.

“Hoy, ikaw ang naunang nagsabi niyan,” biro ni Rita.

“Atty. Ritz, can I ask you three things?”

“Sure, but bago ‘yan, favor naman, o. Stop calling me Ritz. It’s Rita.”

“Okay, Ate Rita...”

“Drop the ate...”

“Wow! Cool! I like that. I really like that...”

“O, ano na ang three things na gusto mo?”

“Puwede ba kitang matawagan from time to time? Wala lang. Gusto lang kitang maging phone pal o kaya textmate...”

Ngumiti si Rita at tumango.

“O sige, pupuwede...”

“Number two,” ani Paolo. “Can you do me a favor? Puntahan mo si Victor. Makipag-reconcile ka na sa kanya. Please?”

Natigilan si Rita sa sinabi ni Paolo.

“Alam ko, personal na ito,” ani Paolo. “Pero sana, magka-ayos kayo. Kung tinanggap niya ang apology mo, okay. Kung ‘di naman, okay lang din. Ang mahalaga, naayos mo ang relasyon n’yo ni Victor.”

“Sure, ganoon lang pala, e.”

Hinawakan ni Rita ang balikat ni Paolo.

“Which leads me to number three,” agad na sagot ni Paolo. “Kapag hindi kayo nagka-ayos ni Victor, promise me na tatawagan mo ako at magkikita uli tayo.”

Napangiti si Rita sa mga sinabi ni Paolo.

“O ano, payag ka?” tanong uli ni Paolo.

“Makakatangi pa ba ako sa ‘yo?” sagot ni Rita. “Sa kakulitan mong ‘yan...”

Matapos magpaalam nina Paolo at ang kanyang mga magulang, naghanda na si Rita sa kanyang pag-uwi. Pagdating niya sa kanyang sasakyan,

narinig niya na may tumawag sa kanyang pangalan. Paglingon niya ay si Atty. Dizon pala.

“Congratulations,” bati ni Atty. Dizon nang lumapit ito kay Rita. “Well done.”

“Thank you, Sir,” ani Rita.

Hindi sila nagkamayan. Parang alangan sila sa isa’t-isa.

“Magandang simula ‘yan para sa ‘yong independent practice,” sabi ni Dizon.

“I owe it to you, Sir,” ani Rita. “Kayo ang nagturo sa akin ng lahat.”

Tumango si Atty. Dizon at ngumiti.

“Kakainin ko yata ‘yong sinabi ko sa ‘yo,” sabi ni Dizon. “You did not fail me. In fact, you made me feel proud.”

Ngumiti si Rita.

“Well, I wish you good luck,” wika uli ni Dizon at nagpaalam.

CHAPTER 22

NAGDADALAWANG ISIP SI RITA kung kakatok siya sa pintuan o hindi. Akma na siyang kakatok ngunit hindi niya ito itinuloy. Akma na siyang aalis ngunit pagtalikod niya’y napalingon siya sa pintuan at tinangkang kumatok. Makailang sandali pa ay nagdesisyon na rin siyang kumatok.

“Sino ‘yan?” tanong ng isang lalaki sa likod ng pintuan.

“Ako,” sagot ni Rita.

Narinig ni Rita ang tunog ng double lock at kadena sa pintuan. Nang bumukas ito, bumungad ang guwapong anyo ni Victor. Doon lang niya naalala na matagal na niyang hindi nakikita ng lalaking nasa larawan. Larawan na naitapon na niya sa sobrang galit noon.

“Hi,” bati ni Rita. “Good evening.”

Tumango lang si Victor.

“Naistorbo ka kita?” tanong ni Rita.

“Hindi naman,” sagot ni Victor. “Halika, pasok.”
“Salamat.”

Pumasok si Rita sa bachelor’s pad ni Victor. Una niyang napansin ang kalat. Ang gulo ng apartment ng binata. Dinampot ni Rita ang nakakalat na t-shirt ni Victor sa ibabaw ng sofa at ang tuwalya na nakasabit lang sa likod ng upuan. Narinig niya ang sinabi ni Victor.

“Hayaan mo na lang ‘yan d’yan. Liligpitin ko ‘yan mamaya.”

Hindi kumibo si Rita. Inilapag niyang muli ang t-shirt at tuwalya sa sofa. Pumunta na lang siya sa kitchen counter at sumandal doon. Pinagmasdan na lang niya si Victor sa pagluluto.

Namagitan ang katahimikan sa kanilang dalawa. Naghintay si Rita na tanungin siya ni Victor.

“Saan ka galing niyan?” tanong ni Victor habang naggigisa ng bawang.

“Sa condo,” sagot ni Rita.

“Congrats nga pala,” ani Victor habang nagluluto. “Napanood kita sa TV noong isang linggo.”

Hindi kumibo si Rita.

“Ba’t ka nga pala narito?” tanong ni Victor sabay hulog ng karne ng baboy sa kawali.

“Zzssshhh!!”

Hinayaan muna ni Rita ang ingay ng kawali bago siya sumagot.

“Gusto ko sanang makipag-usap sa iyo,” ani Rita.

“Tungkol saan?”

“Gusto ko sanang mag-apologize.”

“Ha? Kailan ka pa natutong magsabi ng ‘Sorry’?”

“Victor, alam ko naman na kasalanan ko ang lahat, e,” paliwanag ni Rita. “Kaya nga ako narito.”

“Sa tingin mo, ganoon lang kadali ‘yon?” ani Victor.

“Alam ko, mahirap paniwalaan na narito ako at humihingi ng tawad sa ‘yo...”

Hindi umimik si Victor. Tinapos niya ang kanyang pagluluto at naghain kaagad.

“Kain ka muna,” alok ni Victor.

“No, thanks,” sagot ni Rita. “Busog pa ako.”

“Sigurado ka? Okay lang sa ‘yo, kakain akong mag-isa?”

“Okay lang...”

Katahimikan uli ang namagitan.

“Victor...” sabi ni Rita.

“Hmm?”

“Mamaya na lang, kumakain ka, e...”

“Hindi, sige, okay lang... sabihin mo na ang gusto mong sabihin, makikinig ako...”

Patuloy pa rin si Victor sa pagkain habang nagmamasid lang si Rita.

“Victor...” panimula ni Rita.

“Rrriinnnggg!!!” tunog ng cellphone.

“Excuse me,” ani Victor at tumayo upang sagutin ang cellphone na nasa may kitchen counter.

Sinundan ng tingin ni Rita si Victor patungong telepono.

“Hello?” narinig niyang bati ni Victor. “Yes, speaking. Sino sila?... Sino?... Ginny?... Ah, yes, Ginny, I remember...”

Parang kinurot ang puso ni Rita sa selos. Sino kaya si Ginny? Iyon na kaya ang kapalit niya sa puso ni Victor?

“Kailan?... Ngayong gabi?...” narinig ni Rita na sinabi ni Victor.

Nagkatinginan silang dalawa. Nagkatitigan. Napansin ni Rita na iba na ang tono ng boses ni Victor.

“Ahhmmm... sure.... Just drop by anytime, it’s okay. Maliligo lang ako...”

Nang matapos ang tawag sa telepono, bumalik si Victor sa mesa at ipinagpatuloy ang pagkain ng hapunan.

“As you were saying...” ani Victor.

Hindi kumibo si Rita. Nagkatinginan silang muli. Ang mga mata na nila ang nag-uusap.

“Si Ginny ‘yon,” paliwanag ni Victor. “Ipinakilala ng isang kasamahan ko sa trabaho. Huwag mong sabihing nagseselos ka? Hiwalay na tayo, ‘di ba?”

“Hindi ako nagseselos,” sagot ni Rita.

“Naiintindihan naman kita, e.”

“Mabalik tayo sa usapan...”

“Wala lang,” ani Rita. “Gusto ko lang tanungin sa ‘yo kung pinapatawad mo na ba ako. Alam mo, okay lang sa akin kung hindi mo ako mapatawad. Ang importante ngayon nakapagsabi ako sa iyo ng ‘Sorry’.”

Hindi kumibo si Victor.

Natigilan rin si Rita.

“Alis na ako,” sabay paalam niya.

Tumayo agad si Rita at lumabas ng pinto. Nasa may hagdanan na si Rita nang marinig niya ang tawag ni Victor.

“Rita, sandali lang...”

Huminto si Rita at lumingon. Nakita niyang palapit sa kanya si Victor.

“Rita, I want you to know na...” panimula ni Victor ngunit huminto siya.

Tinitigan lang ni Rita si Victor.

“...I’ve forgiven you. Pero I also want you to know that I’ve moved on...”

Tumango lang si Rita.

“I understand, Victor...”

“No hurt feelings, okay?”

Tumango lang si Rita at tumalikod na patungong hagdanan, pababa sa apartment ni Victor.

EPILOGUE

“ANO SA TINGIN MO, CUT NA TAYO DITO, DIREK?” sabi ni Paolo habang ginagalaw ang mouse.

Nakaharap sina Paolo at ang isang lalaking direktor sa malaking monitor at ang kanilang mga kamay ay nasa computer console. Nasa loob sila ng isang editing suite.

“Hmm... sige,” sagot ng direktor. “Hindi kaya maging babad ang shots niyan?”

“Hindi naman, Direk,” sagot ni Paolo.

“Pagkatapos, itong shot na ito, i-dissolve mo na lang para sa next sequence...”

Parehong naka-long hair ang direktor at si Paolo, parehong may bigote na rin, parehong naninigarilyo habang nakatingin sa monitor.

Napansin ni Paolo na naghikab na ang direktor. Tinignan ni Paolo ang kanyang relo, alas dos na ng madaling araw.

“Direk Lloyd, mabuti pa, umuwi na kayo,” ani Paolo. “Ako na ang bahala dito. Baka mamayang umaga ko pa matatapos ito.”

“Sabay ka na kaya sa akin?” sabi ni Direk. “I’ll drop you at Green Meadows.”

“Huwag na po,” sabi ni Paolo. “Tatal, insomniac na ako. Tantiya ko, before five o’clock tapos ko na ang editing. Ibibilin ko na lang kay Lucero na ibigay sa iyo ang copy.”

“O sige,” ani Direk at tumayo na sa kanyang upuan. “See you tomorrow. Kukunin na lang ni Robert ‘yan mamayang seven or eight...”

“Bye, Direk. Ingat...”

Nagpatuloy ng page-edit si Paolo sa kanyang modernong editing suite.

LUMABAS SI PAOLO NG KANYANG EDITING SUITE dala ang digital copy ng edited video na kanyang ginawa. Pumasok siya ng elevator at nang magsara ang pinto, bumaba ang elevator sa ground floor. Nang bumukas ang elevator, lumabas agad si Paolo.

“Good morning, Sir Paolo,” sabi ng guard on duty.

“Dumating na ba si Lucero?” tanong ni Paolo.

Si Lucero ang guwardiya tuwing umaga sa editing suites.

“Kararating lang, Sir,” sagot ng guard on duty.

“Pakitawag nga, may ipagbibilin ako,” pakiusap ni Paolo.

Tinawag naman ng guwardiya si Lucero. Nang dumating si Lucero, binati siya nito.

“Good morning, Sir Paolo! What can I do for you?” ani Lucero.

“Lucero, iiwan ko itong video sa iyo, ha?” ani Paolo. “Kapag dumating ang driver ni Direk Lloyd, si Robert, pakibigay ito sa kanya. Gawaan mo ng delivery receipt,” utos ni Paolo.

“Yes, Sir! Okidoki!”

TULUYAN NANG LUMABAS SI PAOLO sa Edit-Thor, isa sa mga sikat na independent post-production outfits sa Pilipinas. Ito ang business venture niya kasama si Direk Lloyd at isa pang kaibigan na nasa film industry.

Naka-graduate na rin sa wakas si Paolo ng filmmaking at ngayon ay isa ng film director, editor, producer, at writer. Paminsan-minsan ay gumagawa rin siya ng mga music videos ng mga sikat na singers at rock bands. Ang unang music video niya ay nanalo pa nga sa MTV Asia. Kaya naman tuwang-tuwa ang kanyang mga magulang na ipinadala pa siya sa UCLA para matuto pa siya ng iba’t-ibang teknolohiya sa paggawa ng pelikula.

Sumakay na si Paolo sa kanyang sasakyan, isang Honda CRV na regalo ng kanyang ama noong siya ay gumraduate. Sumaludo pa sa kanya ang guwardiya na nasa gate nang lumabas ng compound ang kanyang sasakyan.

Dumating siya sa EDSA at binaybay niya ito hanggang sa makaliko siya ng Ortigas Avenue patungong Green Meadows Subdivision. Pagbaba niya ng flyover, biyaybay niyang muli ang Ortigas at liliko na sana sa Green Meadows Avenue, nang may narinig siyang:

“Thug!”

“Oh, no!” ani Paolo. “May nabunggo ako.”

Bumaba ng sasakyan si Paolo at tinignan kung ano ang nabunggo niya. Bumper lang naman ng isang Mitsubishi Lancer. May dent, may damage.

“Bad trip naman, o!”

Nakita niya sa gilid ng kanyang paningin na bumaba rin ang babaeng driver ng Lancer. Pero nakatingin si Paolo sa extent ng pagkakabangga ng kanyang sasakyan sa nasabing Lancer.

“Miss, sorry, hayaan mo, babayaran ko na lang,” ani Paolo habang nakatingin siya sa bumper, nage-estimate kung magkano ang halagang aabutin ng pagpapa-repair nito.

“Paolo? Is that you?” narinig niyang tanong ng isang babae.

Tinignan ni Paolo kung sino ang babaeng nakabangga niya.

“Atty. Ritz?”

“Hi! How are you?” bati ni Rita. “Huling balita ko sa iyo, nasa Hollywood ka raw.”

Ano pa’t hindi makapaniwala si Paolo na magkikita pa silang muli ni Rita. Kailan lang ba ‘yon? Mga mahigit limang taon na siguro ang nakalipas nang huli silang nagkita at nagkausap.

“Hi!” ang nagawa lang sabihin ni Paolo.

May lumapit na MMDA Traffic Aide sa kanila.

“Ano’ng problema, sir?” tanong ng traffic aide.

“Wala naman, boss,” ani Paolo. “Mag-uusap na lang kami. Abugado naman siya, kaya okay lang.”

Halatang dismayado ang traffic aide nang umalis ito.

“Want some coffee?” alok ni Rita. “May coffee shop na malapit dito.”

Kahit puyat si Paolo, hindi na niya puwedeng mapalagpas ang ganitong pagkakataon.

“Sure,” sagot niya. “Susunod na lang ako sa ‘yo.”

“Mabuti pa, iuwi mo na lang ang sasakyan mo,” ani Rita. “Halatang puyat ka, e. Tatal, malapit na rin tayo sa bahay n’yo.”

Kaya iniuwi ni Paolo ang kanyang CRV at sumama kay Rita.

“SO HOW ARE YOU DOING?” tanong ni Rita sabay higop ng kape.

“Heto, filmmaker na,” sabi ni Paolo.

Humigop rin siya ng mainit na kape at nagpatuloy.

“Right now, Direk Lloyd and I are making an indie film.”

“Good,” ani Rita.

“Ikaw? Kumusta ka na?” tanong ni Paolo.

“Ito, mabuti naman,” sagot ni Rita. “Marami na ring kliyente, okay lang, kaya ko pa namang mag-isa as independent lawyer.”

“Baka maging workaholic ka lalo niyan,” ani Paolo. “Kagaya ko.”

Napangiti si Rita, muntik nang matawa.

“O, bakit?” tanong ni Paolo. “Ano’ng nakakatawa?”

“Naalala ko lang ang sinabi mo noon,” sagot ni Rita. “You said you’ll not work like crazy like me.”

Napangiti si Paolo.

“Yeah, nagiging workaholic na rin ako. Pero I love my job, I tell you.”

Kapwa silang nanahimik.

“By the way, kumusta na kayo ni Victor?” tanong ni Paolo.

“Wala na kami,” sagot ni Rita. “I went to apologize to him a week after your trial. I never forgot my promise to you. Kaso, it was too late. Mayroon na siyang iba.”

“What promise?”

“You asked me three things, I remember...”

“Ah, iyon? Wala na ‘yon, nakalimutan ko na nga ‘yon, e... sorry...”

Kapwa silang nanahimik, napangiti. Parang alanganin ang kanilang pag-uusap. Parang may karugtong pa ang kanilang huling pagkikita na

ngayon lang yata nagkaroon ng pagkakataon na maipagpatuloy.

“Pero, Atty. Ritz...” panimula ni Paolo.

“I’ve told you, just call me Rita, remember?”

Ngumiti si Paolo, humigop uli ng kape bago nagsalita.

“Yeah,” tawa ni Paolo.

Pero naging seryoso na ang kanyang mukha nang magsalita.

“Ngayong nagkita na tayong muli, at sakaling magkahiwalay tayo nang hindi ko man lang nasabi sa iyo ito, siguro I can plead ‘Guilty’.”

“Guilty? Why? For what?” tanong ni Rita na may halong pagtataka.

Huminga ng malalim si Paolo, parang kumuha ng buwelo.

“I don’t know if this is the right time to say this... but I have to say it before I may not have the chance...”

“Ano ‘yon?”

“Is it a crime kung sinabi ko ngayon sa ‘yo na I fell in love with you the first time I saw you?”

Natigilan si Rita. Makalipas ng ilang saglit ay ngumiti. Natawa. Isang matamis na ngiti na nagbabadya ng pag-asa.

THE END

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Isang manunulat, may-akda, at ina, si Issa N. Uycoco-Bacsa ay nagdesisyon noong 1999 na magsulat na lamang matapos maging isang Medical Technologist at Nurse ng limang taon. Matapos sumali sa mga scriptwriting workshops, nahirang siya bilang isa sa mga finalists (Honorable Mention) sa Film Development Foundation of the Philippines' Screenwriting Contest noong 2000. Ang kanyang pagkapanalo ay nagbukas ng oportunidad na magtrabaho sa Star Cinema/ABS-CBN Films, Inc. Makalipas ng isa at kalahating taon, nagsimula na siyang magsulat ng nobela, komiks, at column. Nagpatuloy siya bilang manunulat hanggang sa naitatag niya ang Creative Mixed Media Freelancing. Nakatira siya sa Lungsod ng Quezon kasama ang kanyang asawa at anak.